READ: It's not important if you have not read That Girl 1, TG2'S STORY'S NOT RELATED WITH IT. TG2 PRESENTS NEW CHARACTERS, NEW LIFE, NEW LOVE STORY, NEW PLOT... (Cliché tho) :D

That Girl 2: *Me & You.*

written by HaveYouSeenThisGirL

Prologue

What is Love?

That would have been a hard question if I have not met that girl.

I only know one meaning of love, I have my own version... you won't find it in any dictionaries.

"Love is when you run away from someone and she keeps on chasing you. Love is when you push her away and still she clings on you. Love is when you say hurtful words to her but still she listens. Love is when you taunt her or pull of a grimace to her and still she smiles so sweetly. Love is when you're doing everything to hurt her and all she does is accept the pain and hugs you. Love is when she wants to cry but chooses to make you smile.

To sum it all up, **love is simply a term for *that girl*'s existence."**

Leave feedbacks, vote. Thank you. :3

-- Introduction --

"Sitting next to that girl."

xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx

If you cant get someone off your mind they are probably supposed to be there.

-Unknown.

xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx

It's been 3days and up until now her eyes are still close, kelan nya kaya imumulat ang mga mata nya? Gigising pa ba sya? Would there still be a chance for her to see my list? Sana, sana.

"What are you doing?" nagtatakang tanong nung nurse pagkakita sa ginagawa ko.

"I want her to see it when she wakes up. It's not illegal, right?"

"Of course not, it's actually sweet." nakangiting sabi nung nurse nung makita yung kabuuan ng ginagawa ko.

Kahit ako napangiti lalo na ng maalala ko kung paano ko nabuo ang lahat ng 'to...

Kring!

"Pwew!" sakto! Pagka-bell nasa classroom na agad ako, kala ko malalate na ako. Grabe, daig ko pa ang aso kung tumakbo kanina eh. Tinanghali kasi ako ng gising kaya ayun, madali to the max.

Hmm... At dahil late ako, wala na akong mauupuan sa likod, gusto ko kasi lagi umupo sa likod eh. Haay, pag gantong late ka asahang ang bakanteng upuan lang ay ang nasa unahan. Alam nyo naman ang mga estudyante may front seat phobia.

Dumiretso na ako sa katangi tanging upuan na bakante sa unahan pero nung papunta na ako dun natigilan ako ng makita ko kung sino ang magiging seatmate ko...

Patay! **That girl!**

"Hi!"

"Ah.. hi.." sabay upo ko na agad without even looking at her.

Hindi ako kumikilos ng ganto dahil sa may crush or whatsoever ako sa kanya ha?! Infact, natatakot ako sa kanya... hindi dahil multo sya or witch o halimaw o kabayo... Kundi dahil sa kwento ng isang kabarkada ko.

Ang sabi ng kabarkada ko ito daw girl na 'to na katabi ko ngayon ay may super mega hyper crush sakin. As in, isang beses daw nakita nya nakapatong sa desk nung girl na katabi ko ang isang photo album at dahil may pagkapakelamero yung kabarkada kong 'yon, sumilip sya at nabigla daw sya ng makita ang laman ng photo album.

Puro stolen shots ko daw! As in, daig pa daw nung girl na nasa tabi ko ang isang stalker kasi kahit shots ko daw sa computer shops ay meron kahit shot ko ng nangungulangot meron din daw! Err... bakit pati ba naman yung nangungulangot. =_="

Talagang pagkakwento sakin nun ng kabarkada ko kinilabutan na ako dito sa babaeng 'to at never ko ng nilapitan, super iniiwasan ko na. Baka kasi mamaya pumutol ng buhok ko at gayumahin ako eh. Pero right now... super no choice ako kundi umupo sa tabi nya.

Hindi na lang ako lilingon sa kanya, tama! Relax lang, it won't hurt me to sit next to her for half of the day right? Half day lang kami ngayon, wala na kasing pasok mamayang hapon. Buti na lang! Tss. Shet talaga. >.>

"Goodmorning class!" dumating na yung teacher namin at nagsimula na ang klase.

May pinagawa samin yung teacher at...

"Umm..." nagsalita sya! Hindi ako lilingon, hindi naman ako ang kausap nya diba? Sana! >.<

"Excuse me..." wag lilingon... wag kang lilingon!

"Hey..."

"Anakngpatingsinaklubannglangit!" O_O

"Are you ok?" hala! Anakngpating napasigaw ako sa bigla! Kinalabit kasi ako nung babaeng yun sa balikat. Pinagtatawanan tuloy ako ng klase. >_<

"Ah wala ma'am, nabigla ko po ata sya. Kinalabit ko po kasi, hihiram sana ako ng ballpen."

"W-wala akong ballpen."

"Eh ano yang nasa desk mo? Dala dalawa ballpen mo oh."

"Wala, lobat na yang isa."

"Lobat? Cellphone ba yan?"

"I mean, wala na yang tinta."

"Ah ganun ba. May lapis ka?"

"Wala."

"Eraser?"

"Wala."

"Correction Fluid?"

"Wala."

"Sharpener?"

"Wala."

"Scissor?"

"Wala."

"Brief?"

"Wala."

"Wala kang brief?!!! Hahahaha!" anakngtae! Sinabi ko bang 'wala'? Tae. Nadala ako sa kasasagot ng wala. Actually meron ako ng lahat ng sinabi nya pati brief noh! Ayoko lang talaga magpahiram sa kanya, madamot na kung madamot pero she's really creeping me out eh! Kaya as much as possible ayaw kong madikit sa kanya! Tignan nyo naman, lahat gusto ng hiramin! Tapos pati brief tinatanong nya! Creeeeeeepy! >_<

"O sige na, jinojoke lang kita. Hindi naman talaga ako manghihiram. But in case you have a brief, can I borrow it?." kamuntik naa atang lumuwa ang mata ko sa sinabi nya ah.

"Joke lang! Ikaw naman hindi mabiro!" ha-ha! Funny. Really. =_=

"Shut up. Don't talk to me." harsh kung harsh pakinggan pero sinabi ko talaga yun. Naasar na ako eh. Tumahimik naman sya at hindi na ulit ako kinausap sa buong period. Good.

11.00pm

At last! Last period na! 1hour na lang at makakaalis na ako sa tabi nitong babaeng 'to! Woohoo!

Lesson. Lesson. Lesson.

11:55pm.

5minutes! 5minutes! Go clock go!

11.59pm.

"Oh, before I forget. May ibibigay ako sa inyong requirement para sa inyong holiday." tama narinig nyo, bukas kasi start na ng christmas vacation meaning wala ng pasok! Yehey! Pero dahil mahal na mahal kami ng mga teachers namin, ayan nagiwan sila ng requirement.

Ano naman kaya yang requirement na yan?

"Ok. Please pass." may inabot syang papers, kumuha ako ng isa at pinass sa likod pagkatapos tinignan ko yung paper.

xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx

Requirement:

Write **10 things** about your seatmate and **1 thing** about you.

xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx

"Yung current seatmate nyo ngayon ha. Pede nyong gawin in 10 days or 11 days or kahit 1 day, bahala kayo basta kelangan i-fill up nyo yan. I want you guys to enjoy your holiday with one of your classmates. Ok, class dismiss. Have a nice holiday to everyone!"

KRING!

Nagbell na. Nagsisimula ng magayos ng gamit ang mga estudyante at naglalabasan na ang iba...

"Nice! Seatmates tayo, kung ganun, see ya this vacation!" then she left.

Ako?

Hindi makapaniwala sa nangyari.

Alam nyo yung 1minute na lang eh? Tapos naging whole vacation pa? WTF!

Of all the people in my class, w*hy does it have to be **that girl**?*

- 1 -

She's Irritating and Annoying.

xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-

"I was standing in the park wondering why frisbees got bigger as they get closer.

Then it hit me.."

- Unknown

xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-

"No pare! Hindi talaga pedeng mangyari 'to!"

"Dude, stop whining like a girl. Ayan na yan eh, nangyari na wala ka ng magagawa. Just accept the fact that your freakin' stalker is your partner!"

"Dude, yun na nga eh! I can't accept it! I need to be with that girl this vacation?! I can't take that! What if manyakin nya ako or worse, rape-in nya ako?! Oh no, I'd rather save my virginity kesa marape ng isang freakin' stalker!"

"Hoy! Ang OA mo ah, magtigil ka nga dyan. Pede namang gawing isang araw lang yung requirement ah? Sabi naman ng teacher natin tayo na daw bahala kung paano natin gagawin yang requirement na yan eh, edi gawin mo magmeet kayo ng isang araw lang ngayong vacation tapos maglista ka na kaagad ng sampung bagay about sa kanya then *boom* tapos na! O diba? Liit liit ng problema mo, pinapalaki mo."

"Oo nga noh! Talino mo pre! Bakit hindi ka nagmana sakin?" ;D

"Ulul! Sige uwi na ko samin pre."

"O sige dude, bye." at umalis na si Brent, bestbud ko at sya ring nagkwento sakin about kay stalker girl.

"Haay." binagsak ko ang katawan ko sa kama ko at nilagay ko ang kamay ko sa forehead ko at tinaas ang hawak kong papel, "Haay nako, ano naman kaya isusulat ko dito? Anong malay ko dun sa babaeng yun. Pede bang ilagay ko na lang biodata nya dito? Name, adress, age, gender, height? Pede bang mga ganun na lang? Tss. Pero obvious naman na hindi yun ang gusto ipalagay samin ni ma'am eh. Aaaaaagh! Asar!"

♪♪ Yeaah

heyy heyy

That's how much I love you (yeah)

That's how much I need you (yeah yeah yeah)

And I can't stand you

Must everything you do make me wanna smile?

And then I like you for a while

No... ♪♪

Ah. Cellphone ko yun, tumutunog. Sino naman kaya yung natawag? Argh. Tinatamad akong sagutin. Mamaya na lang, iidlip muna ako.

Zzzzzz.

Tok tok tok!

Naalimpungatan ako ng may kumatok sa kwarto ko.

"Anak, tulog ka pa ba? Bumangon ka na, maghahapunan na tayo." pagkasabi nun ni mama napabangon agad ako sa kama at napatingin sa orasan ko sa may bedside table.

7:26pm na! Walanjek! Almost 3hrs akong nakatulog! Idlip lang sana napasarap. :D

♪♪ Yeaah

heyy heyy

That's how much I love you (yeah)

That's how much I need you (yeah yeah yeah)

And I can't stand you

Must everything you do make me wanna smile?

And then I like you for a while

No... ♪♪

Yikes! Tumutunog nanaman ang cellphone ko! Tinignan ko kung sino natawag.

+6933000000 calling...

Unregistered number? Sino naman kaya ito? ???

"Anak! Gising ka na ba?" bumukas yung pinto at pumasok si mama, "O gising ka na pala anak."

"Ah opo, tinitignan ko lang po kung sino natawag sa cellphone ko."

"Eh sino ba yan? Medyo kanina ko pang naririnig na tumutunog yang cellphone mo habang natutulog ka eh pero hindi ko na pinakelaman baka magalit ka kasi. Nagtataka nga ako sayo hindi mo naririnig eh."

"Di ko pa alam ma eh, unregistered number."

"Ganun ba, sya kung ganun, wag mo ng sagutin yan. Mahirap ngayon sumagot ng mga anonymous call baka mamaya kung sino yan."

"Ma naman." ::)

"Aiy basta, wag mo ng sagutin yan mahirap na't baka masamang loob yan. Hala sige, maghilamos ka na at bumaba ka na pagkatapos. Nakahanda na ang hapunan."

"Ok ma." si mama talaga paranoid kahit kelan, parang anonymous call lang eh. ::) Pero sinunod ka na rin sya, pinatong ko na lang yung cellphone dun sa table ulit at hinayaan itong tumunog at nagdiretso na lang ako sa banyo ko at naghilamos.

Pagbalik ko, hindi na natunog yung phone ko. Kinuha ko yun para silipin ulit at...

WTF?! 117 missed calls?!!!!!!!!!

All from that anonymous number! Who the heck is this anonymous number?! Teka... ganun ba ako napasarap sa tulog na hindi ko narinig lahat ng ringing tone ng tawag? XD

Kinancel ko na yung missed calls tapos nakita ko may 3msgs.

First message. From Steve, group message lang. Second message. From Carl, some quote lang. Third and last message. From that anonymous number.

From:+6933000000

Hey! I'm that girl seating next to you, your partner. ;]

Pls answer my calls. Need to say something important.

You mean, THAT GIRL?!!! That creepy stalker?!!!! How the heck did she get my number?!!! O___O

♪♪ Yeaah

heyy heyy

That's how much I love you (yeah)

That's how much I need you (yeah yeah yeah)

And I can't stand you

Must everything you do make me wanna smile?

And then I like you for a while

No... ♪♪

Biglang tumunog nanaman yung cellphone ko, kamuntik ko ng mahagis sa bigla!

+6933000000 calling...

Ugh. Sya nanaman. To answer or not to answer? ???

Pero sabi nya may sasabihin daw syang importante... Siguro about dun sa requirement... :-\

BUTTON: Answer

Click!

"Hello?"

"Finally!"

"Uh?"

"Hehe. Sorry, natuwa lang ako kasi nasagot mo na yung call ko after trying for the 118th time!"

"Bakit kelangan mong magtry tumawag ng ganun kadaming beses? Ano ba yang importanteng sasabihin mo?"

"Umm.. Actually, super important nya..."

"Ano yun?"

"Ano kasi... may itatanong ako..."

"Ano ba yun?"

"Umm... Gusto ko kasing maliwanagan... Matagal ko na kasing itinatanong 'to sa sarili ko pero hindi ko masagot sagot..." :-\

"Ano ba yun?!" medyo nacucurious ako sa itatanong nya kasi seryosong seryoso yung boses nya and at the same time naiirita kasi ayaw nya pang diretsuhin agad yung itatanong nya.

"Haay. Eto na." narinig kong huminga muna sya ng malalim, "Ano..."

"Ano ang nauna, itlog o manok?!"

"What the F?!" napasigaw talaga ako dun sa inis. Akala ko kung ano na tapos agggh! Asar!

"Hahaha! Eto naman jok---" hindi ko na sya pinatapos pang magsalita at pinindot ko na ang end button. Tsss. She's irritating the hell out of me. Sumama tuloy ang gising ko. >:(

Maya maya nagring nanaman yung cellphone ko at siguradong sya nanaman ulit yung natawag, anonymous eh. Pinatay ko na lang yung cellphone ko at nagdiretso na sa baba para maghapunan.

Habang naghahapunan...

Kring Kring! Kring Kring!

"Telepono." sabi ni dad nung mag-ring yung telepono sa may sala.

"Sige, kumain na lang kayo ako ng sasagot." iniwan ni mama yung tinidor at kutsara nya sa pinggan at tumayo na at naglakad papuntang sala para sagutin yung telepono.

Maya maya...

"Anak, para sayo. Kaklase mo daw."

"Sino naman kaya yun?" napasabi ko habang nilalagay yung kutsara at tinidor sa pinggan ko at tumatayo para sagutin yung tawag.

"Baka si Steve?" suggest ni dad.

"Baka nga, baka magyayakag sa kung saan or something." pagkikibit balikat ko at nagdiretso na sa sala.

"Salamat ma." sabi ko pagkaabot ng telepono at bumalik na si mama sa lamesa.

"Hello?"

"Hi!"

"Sino ka?" ??? hindi ko kasi maboses-an kung sino eh.

"Ano ba, nakalimutan mo na agad ang boses ko? Katatawag ko lang sayo kanina eh." and *boom!* umakyat agad lahat ng dugo ko sa tuktok ng ulo ko.

"Ikaw?!!!!"

"Yep. Ako." ;D

"Paano mo nakuha telephone number ko?!"

"Sa PLDT directory? Sinearch ko yung apelyido mo, tinry ko lahat ng number na nasa mga kaparehas ng apelyido mo. At yun, eto.."

"What the heck is your problem?! Hindi ko alam kung anong nauna sa itlog at manok!" nakakaasar na kasi at sobrang unbelievable na 'tong babaeng 'to. After 117missed calls para lang sa pagtatanong kung ano ba sa itlog o manok ang nauna eto naman sya ngayon, hinanap number ko sa PLDT directory! Naasar na ako ah.

"Hahaha. Relax, hindi naman talaga yung ang dahilan ng pagtawag ko eh, jinojoke ka lang naman. 'To naman eh. Masyado kang hot eh, chill lang nuh. Enjoy life! Live life to the fullest! Smile and everything! Se--"

BAM!

Binabaan ko sya ng telepono. Pero 5seconds after...

Kring Kring!

"FCKOFFWILLYA?!"

BAM!

Binabaan ko ulit sya ng telepono.

3seconds after...

Kring Kring!

"ANOBAMPROBLEMAMOHA? NAKAKAASARKANA!!!"

"A-ah.. E--eh... s-sorry iho, g-gusto k-ko lang n-naman kausapin a-ang mama mo..."

"Tita Joy! Hala! Sorry po, akala ko po... hala sorry po talaga, ibang tao po sinasabihan ko... Teka lang po tita Joy, bibigay ko na telepono kay mama..."

"Ma! Si tita Joy po natawag!" bumalik na agad ako sa table at sobrang hiyang hiya. Asar. Nasigawan ko pa si tita Joy. That girl is really really irritating and annoying.

"Tss!" tinusok ko paulit ulit ng kutsilyo yung karne sa pinggan ko.

"Anak, patay na yang karne, wag mo ng i-double dead."

"Ah, hehe. Naninigurado lang po na patay na 'tong karneng 'to. Baka kasi mamaya tumalon 'to eh." yung babaeng yun ang iniisip ko sa karneng 'to. >:(

Buti na lang hindi na ulit tumawag yung babaeng yun.

The next day...

Dahil bakasyon na, napagisip isip kong maggala sa mall. Naglalakad lakad lang ako nun nang...

"HEYYYYYYIIIIE!"

"What the--" mula sa likod biglang may dumamba sakin at niyakap ako sa leeg. "H-hey! G-get off me!"

"Why should I?" uggh. Pinipilit kong alisin ang pagkakakapit nya sa may leeg ko pero talagang ayaw nyang alisin.

"Because you're so dmn heavy!" and we're getting everyone's attention! Arrgh. >:(

"I'm not heavy." umalis sya sa pagkakadamba sakin at pagkakayakap nya sa leeg ko at nagcross hands sya at nagpout.

How cute. Erase.

"Yes you are. Pig."

"Hey! That's bellow the belt! I'm not a pig!"

"Pig." sabay tumalikod na ako sa kanya at naglakad na palayo.

"H-hey! Wait up!" biglang hinawakan nya ako sa braso.

"What do you freakin want?! And how the heck did you find me here?!"

"I was just having a nice walk here in the mall then I saw you at yun, coincidence." coincidence her face. If I know, she followed me. Stalker. :|

"Fine. Bye then." tapos tumalikod na ulit ako.

"Hey! Wait!"

"What now?!" ang kulit nya talaga ah!! >:(

"What about the requirement?"

"What requirement?!"

"Duh? You make 10 list about me, I make 10 list about you. We both write one thing about ourselves." ::)

"Ah yeah. That. Don't worry, I already have something to write on number 1."

"Really?!" excited nyang tanong.

"Yeah."

"What is it?"

"Secret. You'll know sa pasukan pag kelangan na natin i-present ang requirement natin."

"Aiy ang tagal. Oh well, I'll wait." :)

Yeah. Wait. ::)

Course Requirement in Moral and Education Studies 2011

10 things about that girl/boy sitting next to me:

1. That girl sitting next to me is annoying and irritating.

2.

3.

4.

5.

6.

7.

8.

9.

10.

1 thing about me:

1.

- 2 -

She's tone deaf

xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx

"Never be afraid to try, remember...

Amateurs built the ark, Professionals built the Titanic."

- Unknown

xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx

"Hey! Where are you going?!"

"I'm going home." naasar na ako eh, kanina pa dumidikit 'tong babaeng 'to sakin saan man ako magpunta sa mall. Ayaw akong tantanan, so mas mabuti pang umuwi na lang ako.

"Home?! Why so early? It's only 11am! Andami pang pedeng gawin dito sa mall."

Yeah. Andami, like guluhin mo ako, iritahin mo ako, pakuluin mo dugo ko sa inis. Yeah, super dami. >:(

"I'm already bored. So yeah, bye."

"Hepepep! Don't go. Tutal andito na rin naman tayo, let's enjoy the day na lang and with that, we could have some ideas of what to write in our requirement."

"Sorry. Request rejected."

"Sorry. Rejection rejected." at pagkasabi nya nun hinila na nya ako sa kung saan nya gusto, nagpupumiglas ako pero ayaw nya talaga magpaawat kaya in the end, wala na akong nagawa kundi pagtiisan na lang ang araw na 'to kasama sya.

"Dyan tayo!"

Time Zone

"Wooo! Yan na! Woo. Ito pa oh! Ito! Ito pa sayo!"

"Hey, pede hinaan mo yang boses mo?" ang ingay ingay nya kasi eh, naglalaro lang naman sya ng baril barilan akala mo nasa totoong laban. Tss.

"Ano naman? Maingay na naman dito ah so ayos lang sumigaw."

"Yun na nga eh, maingay na nga dito pero rinig na rinig pa rin ang sigaw mo. Daig mo pa nakamicrophone."

"KJ mo talaga."

"Sus. Ewan ko sayo." iniwan ko na sya at nagpunta na lang ako dun sa arcade at naglaro ng tekken.

"Dude, gusto mo match tayo?" tanong nung nasa katapat kong arcade slot.

"Honey naman. Hayaan mo na syang maglaro ng gusto nya." sabi nung kasama nyang babae. Girlfriend nya ata.

"Hindi ok lang yan honey, sadyang ganto 'tong arcade, nagma-match battle talaga 'to. So ano bata, game ka?"

"Sure sige po." at yun nagset na kami ng match battle.

Mahigpit yung laban namin, as in parehas na konti na lang yung lives ng characters namin. Parehas na kaming may tig-isang wins which means naka2 rounds na kami at sa larong 'to 3rounds lang ang pede so kung sino mananalo samin sa round na 'to w/c is the last ang mananalo.

Super concentrate ako sa paglalaro. I wanna win. ;D

"There you are!"

"Anak ka ng kalabaw!"

YOU LOSE! PLAYER 2 WINS!

"Ah tae natalo ako, wag mo kasi akong biglain ng ganun! Ayan tuloy!"

"Woops! Sorry!" natatawa nya pang sabi. Ha-ha. May nakakatawa. >:(

"Haha. Sayang bata, sa uulitin na lang. Nice ng laban natin ah." biglang lumapit yung lalaking nag-alok sakin ng match at pati na rin yung girlfriend nya.

"Oo nga eh, sa susunod na lang po ulit. May ASUNGOT kasi eh." at talagang pinatatama ko sa kanya yung word na "asungot".

"Hey! Kaganda kong asungot."

"Tss. Kapal."

"Haha. Ang sweet nyo naman. Naalala ko tuloy nung mga kapanahunan natin nung highschool, honey. Nung nagka-cutting tayo at naglalaro dito sa time zone." natatawang sabi nung babaeng kasama nung lalaki na nag-alok sakin ng match.

"Oo nga eh. Ikaw kasi lagi mo akong hinihilang magcutting, bad influ ka!" ;D

"Sus. Gusto mo din naman." ::)

"Uy hindi ah! hahaha. Kayong mga bata wag nyong gagayahin 'tong girlfriend ko ah. Mahilig yan magcutting nung mga highschool kami eh." ;D

"Napaka mo talaga honey. Teka, ang rude naman natin honey hindi pa tayo nagpapakilala sa kanila."

"Oo nga pala, nakalimutan ko. Ako nga pala si **Aaron** at ito namang magandang dilag na kasama ko ay si **Felice**, my girl. Kayo? Couple din ba kayo?" (A/N: say hi to season 1 characters! :D)

"Yuck. Couple? Asa pa, itong babaeng 'to ma---" napatigil ako sa pagsasalita ng paglingon ko wala na sa likod ko yung babaeng yun. "Hala sige po, hanapin ko lang yung kasama kong kalhating abnormal."

"Hahaha. O sige, alis na kami ah." nagpaalam na ako sa kanila at sinumalan ng hanapin yung babaeng yun sa loob ng time zone. Teka... bakit ko ba sya hinahanap? Hindi ba ito na yung good opportunity para takasan ko sya at makauwi na ng bahay? *evil grin*

Kasalukuyang naglalakad na ako papuntang exit ng time zone nang...

"Hey!"

Anak ng pating nakita nya ako. Napatigil ako sa paglalakad at lumingon sa kanya at nabigla ako ng makita ko kung nasaan sya...

"Tignan mo ako oh! Antaas na ng score ko!" nakasigaw sya sakin habang nagdadance revo sya. Andami ng nanunuod sa kanyang tao. Lumapit ako sa kanya para matignan ang ginagawa nya, grabe yung pinakadifficult na level ang nakalagay as in yung mga arrows na nababa parang hindi mo na nakikita pero sya, nasasabayan nya pa rin. Para na nga syang sumasayaw talaga sa pagdadance revo nya. She's good.

Medyo napapahanga na ako sa ginagawa nya ng madistract ako ng isa sa mga audience nya.

"Pre, nakuha mo ba."

"Oo pre, nice shot nga eh. Polka dots."

"Isa pa pre, video naman pre tapos send mo sakin mamaya ah."

Napatingin ako dun sa naguusap at nabigla ako sa nakita ko.

Dalwang lalaking malapit sa may dance pad at nakaupo habang yung cellphone nung isang lalaki nakatapat sa kung tama ang iniisip ko... ay sa may ibaba ng babaeng yun!

Tae naman kasi eh! That girl's not thinking! Nakapalda lang sya eh tapos pandi-sayaw sya dyan! Edi malamang lamang, makikitaan nga sya at ito namang mga hudas na 'to sinasamantala ang pagkakataon at vinivideohan pa!

Ampotek! Kahit ayaw ko sa babaeng ito, hindi ko naman pedeng bastusin sya ng mga lalaking 'to. Classmate ko pa rin sya kahit papaano!

Lumapit ako sa kanila at kinuha yung cellphone nung isang lalaki, napaangat sila ng ulo at tinignan ako ng masama, "Hoy, cellphone ko yan ibalik mo sakin. Magnanakaw!"

"At ako pa naging magnanakaw?! Kayo nga dyan ang magnanakaw eh! Nagnanakaw kayo ng privacy ng isang tao!" pagkasabi ko nun hinagis ko ng malakas sa sahig yung cellphone at dahil dun nagkanda-hiwa hiwalay yung mga parts ng cellphone at hindi pa ako nakuntento dun, inapakan ko pa yung ibang parts ng cellphone.

At dahil sa ginawa kong yun, tuluyan ng naasar sakin yung dalwa at sinunggaban na nila ako.

"Anlaki talaga ng problema mong pakilamero ka ah!" hinawakan ako sa collar nung isa, yung may-ari ata ng cellphone.

"Malaki ang problema ko kasi may mga taong tulad nyo ang nag-e-exist, mga manyak, mga walang galang sa mga babae."

"Kung maka-asta ka, akala mo wala ka pang minanyak o binosohang babae sa buong buhay mo. Bakit girlfriend mo ba yun?!"

"Wala pa. Hindi ako tulad mo. At hindi ko girlfriend yun but I know her at kung ayaw nyong umuwi ng may black eye sa mata nyo, magsorry kayo sa kanya."

"Ang angas mo ah. Tignan nating kung sino magkakablack eye ngayon." at sinuntok nya ako para napigilan ko ang kamay nya at hinawakan ko 'to ng mahigpit at iniikot.

"A-aray bi-bitawan mo ako!" namimilipit na sabi nung isa.

Napansin na kami ng maraming tao. Nagsisigawan na yung iba at meron ding naghahanap na ng guard.

And that girl has already noticed us too. Tumigil sya sa pagsasayaw at bumaba na sa dance pad.

"Nakakaasar ka." I was caught off guard nung biglang lumapit sakin yung isa pang lalaki na kasama nitong hawak hawak ko ang kamay, nasuntok nya ako ng malakas sa pisngi na nagpatalsik sakin sa sahig.

"Oh no!" tumakbo papalapit sakin yung babaeng yun at chineck ako, "Oh my gaash, you're hurt."

"Tumabi ka dyan hindi pa ako tapos sa kanya." the guy who punched me held that girl's arm and throw her out of the way.

Medyo malakas yung pagkakahagis nung lalaki dun sa babaeng yun and I saw that she was hurt.

Tumayo agad ako at binigyan ng malakas na suntok ang lalaking nasa harap ko, "Wala talaga kayong karespe respeto sa babae ano?!"

WHISTLE

Andyan na yung guard.

"Hoy hoy! Anong kaguluhan 'to?!"

"Sir. itong mga 'to, nakita ko kinukuhanan nila ng malisyosong video ang kasama kong babae." pagkasabi ko nun, kinuha nung guard yung dalwa at dinala palabas ng time zone, ewan ko lang kung saan dinala pero wala na akong pakelam sa kanila.

Nilapitan ko kaagad sya na sa ngayon ay medyo nahihirapang tumayo, "Hey, ayos ka lang?"

Inalalayan ko sya sa pagtayo.

"Ah oo, medyo masakit lang braso ko, tumama kasi sa sahig eh."

"Tara muna dun sa tabi." dinala ko sya dun sa may isang sulok dun sa time zone kung saan may maliit na bench. Umupo kami dun.

"Pahinga muna tayo ng konti dito habang masakit pa yang braso mo."

"Ikaw ba? Hindi ba masakit yang pisngi mo?" nabigla ako ng haplusin nya yung pisngi ko.

Ang lambot ng kamay nya, ang sarap sa pakiramdam ng hinahaplos nya yung pisngi ko. Para bang naalis yung kirot ng pagkakasuntok sa pisngi ko.

"Ah, hindi. Hindi naman ganun kalakas yung suntok. Ok lang ako." tinanggal ko kaagad yung kamay nya sa pisngi ko. Bigla kasi akong nakaramdam ng pagka-ilang. Ah! Ano ba 'to. >_<

"Thank you pala. Narinig ko na pinagtanggol mo pala ako dun sa mga manyakis na yun."

"Ah yun ba, wala yun."

"Basta thank you talaga ha. Sobrang natouch ako sa ginawa mo. Salamat. Mwah." :-*

O___O

She gave me a kiss on the cheek.

Sa sobrang bigla ko, feeling ko nagblush ako. Ono, so gay. O___O

1 second.

2 seconds.

3 seconds.

4 seconds.

5 seconds.

10seconds.

"H-HEY WHAT WAS THAT FOR?! MANYAK!" natauhan din ako after 10seconds.

"HA?! PAANO NAMAN AKO NAGING MANYAK? I JUST GAVE YOU A KISS ON THE CHEEK PARA MAGPASALAMAT!"

"Well I don't need your thank you! Sa susunod kasi wag kang tatanga tanga! Alam mong nakapalda ka tapos sasayaw sayaw ka dyan sa may dance dance revo! Kitang kita tuloy yang panty mo, namamanyak ka tuloy!"

"Well, sorry naman po eh noh? Nag-eenjoy lang ako eh!"

"Wala naman akong sinabing wag kang mag-enjoy ah?! Ang sinasabi ko, gamitin mo utak mo paminsan minsan! Ay teka lang, wala ka pa lang utak kaya hindi mo nagamit!"

"Aba, nagsalita ang may utak! Sino kaya naka-50 sa english exams natin ah?!"

"Aba pasensya naman, malay ko bang square pala ang pagpili sa tamang sagot at hindi circle!"

"Hindi ka kasi nagbabasa ng instruction! Engot ka kasi!"

At yun, naging riot na usapan namin. Talagang malabong magkasundo kami ng babaeng 'to. Ewan ko ba, basta ayaw ko sa kanya. Ewan ko. Just knowing the fact that she's a freaking stalker, irritates the hell out of me.

"Tss. Boring" tumayo na sya at nagsimula ng maglakad.

"Oy saan ka pupunta?" bigla syang bumalik sakin at hinigit ang kamay ko.

"Tss. Ang bagal kahit kelan. Hindi na masakit ang kamay ko, tara dun."

"Saang doon?" hindi sya sumagot sa tanong ko at hinila lang nya ako hanggang sa nakarating kami dun sa may world of fun na katapat lang ng time zone. Tapos malapit sa entrance, may karaoke rooms dun, pumasok kami dun.

"Tarang magkaraoke!"

"Marunong kang kumanta?" ???

"Oo naman, ako pa! Singer ata 'to!"

"Talaga lang ha."

"Oo! Umupo ka lang dyan at makinig at ihanda ang tenga sa napakagandang awitin."

"Okay whatever." umupo na lang ako at sya naman, kinuha nya yung songbook at namili dun at ng makapamili na pinindot yung code tapos naghulog ng token at kinuha yung mike.

"Beautiful by Eminem?!!! Rap?!!" O___O

"Yeah, I'm a future rapper." cool na cool nya pang sinabi.

At ng magsimula na syang kumanta...

"Lately I've been hard to reach asasjhkjasjhdukhdkjbjfbasjguasbdashdbasdhabd" at wala na akong naintindihan sa kinanta nya, hindi dahil sa rap ito kundi dahil sa sobrang sintunado syaaaaaaaaaa!!!!

AS IN, KUMAKANTA BA TALAGA SYA O TUMUTULA SYA O NASIGAW LANG TALAGA?!!! AAAAH. MY EARSSSSS! ANSAKIT SA TENGA!!!

At ng matapos ang song....

"Woooo! Tignan mo yung score ko, 95!!! O diba sabi ko sayo ang galing kong singer?"

"Naniniwala talaga akong sinungaling ang mga karaoke. Aaaah! Sumakit ang tenga ko sa pagkanta mo! Feeling ko, nabutas na eardrums ko!"

"Hoy ang kapal mo! Sabihin mo lang inggit ka sa magandang boses ko."

"O sige, oo na lang." ::)

"O sige nga, ikaw nga ang kumanta." iniabot nya sakin yung mike at kinuha ko yun.

"Sure why not." kinuha ko na yung songbook dun at namili at ng may nakita ako, pinress ko na yung codes at naghulog ng token.

In my head by Jason Derulo plays here. --->

"In my head by Jason Derulo, *listen girl, this song will be going LSS on your head.*"

"Everybody's lookin' for love, oh, oh

Ain't that the reason you're at this club, oh, oh

You ain't gon' find it dancin' wit' him, no hoh

I got a better solution for you, girl, oh, oh

Just leave wit' me now

Say the word and we'll go

I'll be your teacher; I'll show you the ropes

You'll see a side of love you've never known

I can see it goin' down,goin' dowhown"

"Oh yeah!" tumayo sya tapos nagsasayaw habang kumakanta ako. Haha. Grabe ang wild pero ang saya!

"In my head, I see you all over me,

In my head, you fulfill my fantasy

In my head, you'll be screamin', ooooh

In my head, it's goin' down

In my head, it's goin' down

In my head, yeah, in my head, oh, yeah

Some dudes know all the right things to say

When it comes down to it, it's all just game yeah

Instead of talkin', let me demonstrate, yeah

Get down to business and skip foreplay

Ay yeah"

Pati tuloy ako napapasayaw.

"O yeah, In my head!" para lang syang nasa disco at nagsasayaw. Haha. Ang kulet, sobrang hyperactive talaga nitong babaeng 'to. Nakakahawa ang energy nya.

"Wooo! Yeah. In your head!" naghe-headbang na ako dun. Hahaha. Ang wild talaga! Para kaming mga baliw. Minsan pala nakakahawa ang kabaliwan.

"Just leave wit' me now

Say the word and we'll go (And we'll go)

I'll be your teacher; I'll show you the ropes (You the ropes)

You'll see a side of love you've never known

I can see it goin' down, we're goin' down

In my head, I see you all over me

In my head, you fulfill my fantasy "

"In my head, you'll be screamin' ooooh

In my head, it's goin' down

In my head, it's goin' down

In my head,

Break it down

Ayooo ayooo ayooo

You singin' to me, baby, in my head right now

Ayooo ayooo ayooo

She'll be screamin' out when it all goes down"

Nakisabay sya sakin sa part na yun. Umiikot ikot pa sya sakin habang nasayaw sya. Natatawa na nga lang ako.

"Just leave with me now

Say the word and we'll go

I'll be your teacher; I'll show you the ropes

You'll see a side of love you've never known

I can see it goin' down, we're goin' down

In my head, I see you all over me

In my head, you fulfill my fantasy

In my head, you'll be screamin' ooooh

In my head, it's goin' down

In my head, it's goin' down"

Para talaga kaming mga baliw na nagsasayaw dito at nagwawala. Daig pa namin mga nakainom. Eto naman kasing babaeng 'to, naguumapaw ang energy, nalipat tuloy sakin yung sobra nyang energy. Buti na lang sound proof 'tong karaoke room kundi pinagtinginan na kami ng mga tao sa labas. ;D

Weird. I'm actually having fun with her.

"n my head, I see you all over me

In my head, you fulfill my fantasy

In my head, you'll be screamin' out

In my head, it's goin' down

In my head, it's goin' down

In my head."

"AHHH!"

Napatingin agad ako sa likod ko kung nasan sya, nakita kong sumabit sya sa wire ng microphone at madadapa sya at bigla syang kumapit sa t-shirt ko para ata makakuha sya ng balance at wag madapa unfortunately.... dahil sa pagkabigla ko sa paghawak nya sa t-shirt ko, na-out of balance din ako dahilan upang malaglag kaming dalawa sa floor.

Ang lagay eh...

Ako ay nasa ibabaw nya at ang lapit ng mukha namin sa isa't isa...

At ewan ko kung anong nangyari... parang nagskip ng isang beat yung puso ko. Aiy tae, ang weird ano ba 'tong pinagsasabi ko.

Teka...

Ang awkward ng position namin.

Ganun lang kami tapos nakatingin lang kami sa isa't isa tapos walang nagsasalita, ramdam ko tuloy ang hininga nya.

Tae. Ano ba 'to.

Tae. Help. Nabato ata ako. Hindi ako makaalis.

TEN TENEN TEN TEN! TEN TEN!

At dahil sa tunog ng karaoke, tuluyan na akong natauhan.

"Ah eh... Tignan na natin yung score, tignan natin kung sinong mas mataas." tumayo na agad ako at ganun din naman sya.

"See! Mas magaling ako sayo. 90 lang score mo!"

"Asa pa! Sinungaling talaga mga karaoke! Ang ganda ganda ng boses ko tapos 90 lang!" hindi ako nagsisinungaling, maganda talaga boses ko, ilang beses na kaya akong nanalo sa mga singing contest. ::)

"Ano ba, tanggapin mo na lang pagkatalo mo. Mas magaling talaga akong kumanta. Wala talagang tatalo sa kagandahan ng aking boses."

Number 2: That girl sitting next to me is really tone deaf.

"Whatever."

Pagkatapos nun, lumabas na kami ng mall.

"Sige babye. Thanks sa araw na 'to." oh c'mon, nagbababye sya in a way na akala mo nag-date kame. In her dreams. ::)

"Ah o sige, uwi na ko." tumalikod na ako sa kanya at naglakad na palayo.

"Hey! I think I got your song in my head." napatigil ako sa paglalakad sa sinabi nyang yun. Lumingon ako sa kanya pero nakita ko nakatalikod na sya at tumatakbo na palayo.

dug dug dug--- dug

Something felt weird.

- 3 -

She has a memory of a 150yr old person.

xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx

"Things happen for a reason.

No one knows what reason.

But yeah, if you think the reason's good then it's good."

- Anonymous

xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx

"Aaaah! Ang aga aga! Sino ba yang natawag na yan!" nagising ako sa pagtunog ng cellphone ko, napatingin ako sa bedside clock ko at 6am pa lang! Aggh! Ang aga talaga!

Inabot ko na yung cellphone ko para matigil na ang maingay nitong pagtunog, "Hello?! Sino ka ba?! Ang aga aga mong mambulabog!"

"Goodmorning LSS!"

"Huh? LSS? Hindi yun ang pangalan ko, sorry wrong number ka." ini-end ko na yung call at bumalik na ulit sa tulog. Antok na antok pa ako eh.

♪♪As much as I love you

As much as I need you♪♪

Uggh! Tumutunog nanaman ulit sya.

"Hello?!"

"Ang hilig mo talaga akong babaan ng telepono, LSS."

"What do you mean? I'm not LSS. I think you really got the wrong number, look miss you are disturbing my sleep so please don't try to call again."

"Ah! Now I get it, sleepy ka pa pala LSS kaya hindi mo ako nabobosesan." ;D

"Teka..." medyo nawawala na yung antok ko at natatauhan na ako at nakikilala ko na ang may-ari ng boses ng taong umagang umagang nangiistorbo sakin.

"Kilala mo na ako LSS?" 8)

"Oo. And quit calling me LSS. Bakit ba LSS?!"

"LSS. Last Song Syndrome, duh! Alam mo kasi nung pagkatapos mong kantahin yung "In my head" sa karaoke, grabe nastuck na sya sa head ko, as in super na-LSS ako sa kanta mo. Ang

ganda kasi ng boses mo, ayaw ng maalis sa isip ko."

"I know, maganda talaga boses ko. So ano, crush mo na ako? Mag-co-confess ka na?" alam ko namang may crush sya sakin eh kaya aasarin ko sya. >:D

"H-ha? H-hindi ah. Ang k-kapal mo!" hahaha! Nice! Nauutal sya. Mwahaha. Akala mo ngayon ha. Alam ko na kung paano ka mapapatameme. >:D

"Mwahaha. Eh bakit ka nauutal? Crush mo siguro talaga ako noh?"

"Shut up!"

Pagkatapos nun, narinig ko na lang ang isang "click" at naputol na ang call.

O diba? Effective. ;D

Makakabalik na rin ako sa aking pagtulog.

xxx-xxx

"Hey!" I'm sure I saw that girl in this crowd.

Argh. Andaming tao.

"Hey, wait up!" ano ba! Why does she keep on walking and ignoring me! Sinubukan kong habulin sya pero it's impossible na mahabol ko sya sa ganto kasikip at kadaming tao.

"Excuse me. Excuse me, makikiraan po." sabi ko habang nagpupumilit dumaan sa maraming tao. Malapit na ako sa kanya, konti na lang...

"Hey!" lumingon sya sakin tapos ngumiti, iniabot ko yung kamay ko sa kanya, *"Halika na!"*

Iniabot nya yung kamay nya sakin kaso bakit parang... lumalayo sya?

Lumapit pa ako para maabot pa ang kamay nya kaso bakit ganun, kahit anong lapit ang gawin ko hindi ko talaga maabot ang kamay nya?

She's drifting away from me....

BOOGSH

"Aray!" shet. Ansakit nalaglag ako sa kama. Tae, panaginip lang pala. Teka... Hanggang sa panaginip ba naman iniistorbo ako nung babaeng yun? Tae naman oh.

Kinuha ko yung cellphone ko, nakita ko may 5messages.

Puro gm's lang sya tapos yung isa, anonymous number which I'm sure na it's that girl's number. Sino pa bang anonymous number ang mangiistorbo saking cellphone? ::)

From: +63900000000
LSS!

Wala. Yun lang yung message nya. LSS, ang kulet talaga nya. Giving me names and such. Sigh.

To: +63900000000

Wht?!

Nagreply ako habang bumaba na ako papuntang kusina para mag-umagahan. Mag-isa nga lang pala ako sa bahay, wala sina mama at papa buong christmas vacation. Nasa Hong Kong sila, may business tapos magvavacation na rin sila. Hindi ako nagtatampo or what dahil naiwan ako dito sa Pinas, infact natutuwa nga ako kasi mapapag-isa ako sa bahay. I can do anything I want. Mwahahaha.

From: +63900000000
Mmm... Nu gngwa mo?

LOL. What a question. Yan na ba usong topic ngayon sa text? Sorry, tuwing may katext kasi ako laging yan yung mga questions. Kamusta, nu gawa mo, sino katext mo. Err. Boring.

Pero dahil wala akong magawa, nireplyan ko na lang din.

To: +63900000000
wla

Kumuha na ako ng cereal sa may cabinet at nilagyan na ang mug kong may gatas.

From: +63900000000
Ahh... ganun ba... Mmm... bakit wala kang ginagawa? Nagbreakfast ka na ba?

To: +6390000000

La lng. Yea.

From: +6390000000

Antipid mo nmn magtext.

From: +639000000

Sa matipid eh.

Hindi na sya nagreply after nun. Naubusan din ng sasabihin, salamat naman.

Pagkatapos kong magalmusal, pumunta ako sa sala at nanuod ng tv. Maya maya nagsawa na ako manuod ng tv, dinial ko number ni Brent para yayain magbasketball or gumimik or something dahil nabobored na ako sa bahay.

"O dude napatawag ka?"

"Ah, pre, tara basketball tayo."

"Nako pre, ngayon? Hindi ako pede. May date kami ngayon ni Anya. Pasensya na pre ah, next

time na lang ha."

Badterp, hindi pede si Brent. Tinry ko sina Steve o Carl kaso... wala din eh. Mga may plano na sila. Malas.

Ano ba pedeng gawin? Ughh. Nabobored na ako dito sa bahay.

Ini-scroll ko lahat ng numbers sa phonebook ko... Wala akong makitang pedeng tawagan at yayaing gumimik. Merong iba akong tinry pang tawagan pero puro may mga plano na sila, anobayan.

Hmm.... That girl kaya?

Tama. Para matapos na rin yang requirement naming yan.

Calling +639000000...

Isang ring pa lang, may sumagot na kaagad! Kadikit nya ba lagi cellphone nya?! Grabe.

"Uy! Himala tumawag ka!"

"Ah. Wala kasing magawa eh. May gagawin ka ba ngayon?"

"Wala naman. Bakit?"

"Wala. Tara tapusin na natin yung requirement."

"Sige ba! Saan tayo?"

"Ewan. Saan ba pede?"

"Gusto mo sa mall ulit?"

"Ano ba pede gawin sa mall?"

"Shopping?"

"Boring."

"Arcades?"

"Ka-ka-arcades lang natin kahapon."

"Kumain?"

"Syempre, kakain pero beside dun? Alangang kumain buong araw sa mall?"

"Umm... Manuod ng sine?"

"Pede na. Sige nuod na lang tayong sine."

"What time?"

"1pm, dun na lang tayo magmeet sa may tapat ng sinehan."

"Wait. Are you asking me for a date?"

"WHAT?!"

"Wala. Joke lang. Sige, kita na lang tayo maya. Bye." tapos ini-end na nya yung call.

Date? Date nya mukha nya. Like I'd ask her out.

Teka... I just asked her out. huh? (?__?)

12:40pm.

Andito na ako sa may tapat ng sinehan. 20minutes earlier ako. Hindi ako excited ah! Early bird lang talaga ako!

1:00pm

Wala pa sya. Baka parating na yun.

1:20pm

20minutes na nakakalipas ha! She's late. :\

1:40pm

Ang usapan 1pm, anong oras na?! 1:40pm na! Oo alam ko, girls usually play the V.I.P. part at nagpapalate sila pero hindi naman gantong sobrang late!

Kinuha ko yung cellphone ko at dinial ang number nya.

"H-hello!"

"Anong oras na sa tingin mo ha?"

"Hala. Sorry, I'm on my way na. Nakalimutan ko kasing may date nga pala tayo ng 1pm."

"ANO?! NAKALIMUTAN MO? AT ANONG DATE? HINDI 'TO DATE."

"Sorry talaga. Paparating na ako, mga 10minutes na lang."

Tsss. Ano ba naman.

1:53pm

"Hala! Sorry late ako!" dumating na sya at hapong hapo sya. Yung buhok nyang nakalugay medyo magulo, halata mong tumakbo 'to.

Pero she looks nice ngayon. Naka-dark pink sleeveless top tapos nakapinkshort na may white ribbon strings sa bawat tabi ng short at may black belt sya. Tapos nakaconverse shoes sya.

"Tss. Tama ba namang makalimutan?!"

"Sorry talaga. Promise sa susunod na date hindi na ako malelate."

"Anong date?! Hindi nga 'to date!"

"Whatever." ::) tss. Feelingera talaga 'tong babaeng 'to. Date daw, mukha nya.

"Tara na, maghanap na tayo ng panunuorin." tumalikod na ako sa kanya para magdiretso na sa mga movie posters.

"Wait. Hindi mo man lang ba papansinin ang suot ko?"

"Panget." sabi ko ng hindi man lang sya nililingon.

Oo. Alam ko sabi ko kanina lang na ang nice ng suot nya pero ayokong sabihin yun, baka lalo pang lumaki ulo nyang babaeng yan at lalo pang isiping nagde-date talaga kami. As if.

"Naman eh. Panget ba talaga? Baduy ba?" sabi nya habang naglalakad na kami papunta sa mga movie posters.

"Oo."

"Ganun ba. Ano ba dito ang panget? Hindi ba bagay sakin ang pink?"

"Ano ba panunuorin natin?" hindi ko pinansin ang tanong nya at tinanong ko na lang sya ng kung anong papanuorin namin kasi hindi ko naman talaga alam kung anong magandang

panuorin.

"O hindi ba bagay yung converse? Dapat ba nagsandals na lang ako?" hindi nya rin pinansin yung tanong ko at busyng busy sya sa paghahanap ng side defects sa kanyang suot.

"Basta panget. O pumili ka na ng papanuorin natin."

"Alin bang banda ang panget? Hindi ba bagay yung belt?"

"Ano ba, oo na joke lang hindi panget. Maganda suot mo, bagay sayo. Masaya ka na? Ngayon pumili ka na ng papanuorin!" nakakaasar na eh, kanina pa syang conscious na conscious sa suot nya. Wala ng ginawa kundi pansinin ang suot nya. :\

"Talaga? Yehey!" at bigla naman syang sumaya, tss. Ambabaw. "Ito panuorin natin, yang New Moon!" (A/N: sorry luma na 'tong story eh, panahon pa ng showing ng new moon ng isulat ko ito. haha. >_> XD)

At yun na nga ang pinanuod namin. Bumili kami ng isang malaking popcorn at dalwang softdrinks.

Syempre, hindi ako nagbayad. Hati kami sa bayad. Aba, bakit ako magbabayad? Sinabi ko bang date 'to? Nandito lang kami for the requirement.

Sa may bandang gitna sa taas kami naupo. Hindi pa naman nagsisimula yung palabas, mga commercials and movie trailers pa lang ang pinapakita.

"Excited na ako. Alam mo bang favorite ko 'tong twilight saga? Sinubaybayan ko 'to mula pa lang sa libro."

"Ah." yun lang sinabi ko. I'm not actually interested with these things. Romance, yuck. I'd rather watch horror kaso hindi na yun ang pinili ko dahil baka mamaya mamatay pa sa takot 'tong kasama ko, makulong pa ako. Kaya sya na lang pinapili ko ng panunuorin at tama nga hinala ko, romance nga pipiliin. Girls, psh. >_>

"Ayan na, magsisimula na."

Nanunuod na kami nitong New Moon at sobrang nabobored na ako pero itong katabi ko halatang hyped na hyped sa pinanunuod namin. Sobrang tutok na tutok. Ano bang nakaka-addict dito sa twilight saga at andaming na-o-obsess na mga babae dito? Ang boring naman eh, walang ginawa kundi dumaldal ng dumaldal. Wala namang ginawa yung leading man dito kundi magpacute ng magpacute, ewan ko ba kung bakit andami din nababaliw dyan sa Edward Cullen na yan, mas pogi pa ako dyan eh.

Tapos ito namang babaeng lead, parang tanga, laging nadadapa. Tss.

"AHHHH!" nung biglang lumabas na sa scene si Jacob Black na lagi namang nakahubo't hubad, nagtilian ang mga babae kasama na 'tong katabi ko. (A/N: haha. hindi po ako against sa twilight, I'm actually a fan(well nung book) kaya wag po sanang mamasamain ng mga twi fans. :3)

Kumapit sya sa t-shirt ko, "Ampogi ni Jacob Black! Tignan mo ang hot! Andaming abs! OMG. OMG."

Hindi ko na lang pinansin. Mga babae talaga, parang abs lang? So what?

"Slurp." naririnig kong hinihigop nya pa yung softdrinks nya na halatang ubos na.

"Oy, wag mo ng piliting inumin yan, wala na yang laman."

"Eh nauuhaw pa ako eh."

"Oh." inabot ko sa kanya yung softdrinks ko.

"Ok lang sayo?"

"Oo, kaya nga inaabot ko sayo diba?" common sense naman oh.

"Thank you." inabot nya yun pero napansin ko hindi pa sya agad umiinom, tinitigan nya muna yung straw nung softdrink ko tapos... teka... bakit parang nagbablush sya? Medyo kita ko pa kasi mukha nya gawa ng liwanag ng screen.

Tapos nakita ko umiling sya at hinawakan na yung straw at uminom dun. Tapos nakangiti yung lips nya habang nainom sya sa softdrink ko.

Nung matapos syang uminom binalik nya na sakin, "Thanks."

"Hindi ka na uhaw?"

"Hindi na." :) errr.. ang weird talaga nung inakto nya kanina. Ano kaya yun? ???

Maya maya...

"Naiihi ako."

"Ha? Teka, nasa labas pa yung c.r. eh. Ihing ihi ka na ba?"

"Oo eh. Hindi ko na talaga kaya eh. Ihing ihi na ako as in sasabog na."

"Ah ganun ba, teka, samahan na kita."

"Hindi na, ako na lang. Saglit lang 'to, babalik agad ako. Pahawak ng cellphone ko at gamit ko."inihabilin nya sakin yung cellphone at gamit nya at lumabas na sya ng sinehan para magbanyo.

Lumipas na ang 20minutes, wala pa din sya. Ano naman nangyari dun? Mahaba pila sa banyo? Kung ganun nga, anlabo pa din na magtatagal sya ng 20minutes.

30minutes later...

Aba! Asan na yun!

Tumayo na ako at lumabas ng sinehan. Pumunta ako sa banyo at sinubukan kong mag-antay saglit sa may tapat ng girl's room.

"Miss, excuse." sabi ko dun sa isang babaeng lumabas sa girl's room. "May nakita ka ba dyan sa loob na babaeng ganto katangkad," dinemonstrate ko kung gano sya katangkad, "May bangs sa unahan tapos medyo wavy yung buhok na nakapink sleeveless tank at pink short na nakablack belt, tapos naka-converse shoes?"

"Ah, wala eh. Wala namang tao dyan sa loob eh."

"Ah ganon ba, thanks."

Eh asan yun? Hindi ko naman matawagan, nasa akin yung cellphone nya eh. Argh.

Ang ginawa ko nag-antay na lang ako sa may labasan ng sinehan.

After 15minutes.

"Sa wakas! Nakita din kita!"

"Ano ba? Saan ka ba nagpunta?!"

"Eh sa banyo nga kaso nung natapos ako... nakalimutan ko kung saang cinema room tayo. Dalwa kasing cinema room ang may showing ng new moon eh, nakalimutan ko kung anong room. Parehas kong pinasok, kaso nakalimutan ko rin kung saan banda tayo nakaupo." >___<

"Ano?! Napaka malilimutin mo naman! Oh eto gamit mo," inabot ko na sa kanya ang mga gamit nya pati cellphone nya, "Tapos na yung palabas. Anong gagawin natin ngayon?"

"Umm... Tara muna sa isang store, may bibilhin lang ako." pumunta kami sa isang shop dun sa mall, puro mga cute stuffs ang andun, mga bears icons.

May kinuha sya dung isang bear wallet at dinala sa counter para bayaran pero habang nasa counter napansin kong tinitignan nya yung isang bear necklace dun sa may glass ng counter.

"250 ma'am." binayaran na nya yun at umalis na kami.

"Mukhang gustong gusto mo yung necklace dun sa may counter ah, bakit hindi mo binili?"

"I can't."

"Bakit naman?"

"Ang mahal eh. Alam mo bang 1500 ang halaga nun? Gusto ko man syang pag-ipunan at bilhin, nanghihinayang ako. Sayang yung 1500, maraming bagay akong mapag-gagamitan nun kaya hindi ko binibili yung necklace na yun. Hanggang tingin lang ako." ;D

Tumatawa sya pero halata namang nanghihinayang talaga sya, mukha kasing gustong gusto nya talaga yun eh.

Mga 8pm, napagisipan na naming kumain. Aba, nagugutom din naman kami nuh. ;D

Kumain kami sa Greenwich, umorder lang kami ng malaking pizza at nagshare na lang kami dun.

"Lagyan natin ng hot sauce." pagyayaya nya.

"Wait. Wait. Ayoko."

"Bakit naman? Hindi masarap ang pizza without hot sauce."

"Hindi ako mahilig sa mahanghang eh. Kung gusto mo, yung parte mo na lang ang lagyan mo."

"Naman eh. KJ." at yun nga ginawa nya, nilagyan nya lang yung part nya at nung nakakarami na

sya....

"Tubig!" kinuha nya yung baso nya ng sprite at ininom lahat ng laman nun pero mukhang naaanghangan pa rin sya.

"Oh eto, inumin mo na rin yung akin. Yan kasi eh, lakas ng loob mong maghot sauce." kinuha nya yung inabot kong baso at ininum rin yun.

"Ang anghang pa rin, ayaw maalis sa dila ko." medyo naluluha na nyang sabi, pulang pula na yung mukha nya.

"Hahahahaha!" wala akong nagawa kundi tumawa.

"Ano ba, bakit mo ba ako pinagtatawanan. Naaanghangan na nga ako dito eh." sabi nya habang pinapaypayan nya ng kamay nya ang dila nyang nakalabas.

"Hahahaha. Nakakatawa kasi itsura mo eh, hahahaha! O sige, ito o may candy ako dito para mawala yang anghang mo." inabutan ko sya ng candy habang tumatawa. Grabe, ang dami kong tawa sa babaeng 'to. Ang kulet talaga. :"D

Umuwi na rin kami pagkatapos. Kalalapat pa lang ng pwet ko sa sofa ko ng tumunog na agad yung cellphone ko.

Anonymous number. Sya nanaman 'to.

"Oh?"

"Uy, nasa iyo ba yung binili kong wallet?"

"Ha? Wala ah. Bakit?"

"Wala sakin eh, wala sa bag ko. Naiwan ko ata sa mall."

"Ha?!! Saan sa mall?!"

"Ewan ko. Baka dun sa Greenwich. Anong gagawin ko?" nahalata kong lumungkot yung boses nya. Antanga naman kasi nito oh, masyadong malilimutin.

"Eh kung sa Greenwich mo nga naiwanan, nako malamang wala na yun. Andaming taong nakain dun, baka may nakapulot na nun."

"Sabagay. Nakakainis naman kasi sarili ko eh, napakamalilimutin ko. Sayang naman yun. Haaay."halatang halata sa boses nya ang lungkot, panghihinayang at inis sa sarili.

Sabagay, kabibili lang nya nun at mukhang gustong gusto nya din yung wallet na yun. Aba, 250 din yun.

"Wala ng magagawa. Sa susunod na lang, tandaan mo lagi mga dala mong gamit."

"Ganun na nga, o sige. Salamat, bye." matamlay nyang sabi sabay baba ng telepono.
Haaaay. Number 3: **She has a memory of a 150 year old person.***Tumayo na ako sa sofa at lumabas ng pinto. Bukas pa naman siguro ang Greenwich.*

Vote, comment, like & tweet. Thanks! :3

- Chapter 4 -

She burps like a fat guy

"Where is the off button of love?

I cant take and handle it anymore. "

- Danxxiaoo

xxx-xxx

"Oh ito wallet mo, sa susunod ingat ingatan mo nga yang mga gamit mo." nandito kami ngayon sa may tapat ng 7eleven. Tinext ko kasi sya kagabi sabi ko nakita ko na yung wallet nya sa Greenwich tapos magmeet na lang kami kinabukasan dito sa 7eleven.

"Thanks talaga LSS. Super. Nakakatuwa, talagang bumalik ka pa sa Greenwich para hanapin 'tong wallet ko."

"Sinabi na ngang hindi ko binalikan yan eh, napadaan lang nga ako eh. May binalikan lang ako sa SM kagabi eh, may nakalimutan akong bilhin."

"Weh. Talaga lang ha? Eh ano yung binili mo kung ganun?"

"Wala ka na dun." wala naman talaga akong binili eh. Ang totoo, binalikan ko nga talaga yung wallet nya sa Greenwich. Ewan ko ba kung anong pumasok sa kokote ko kagabi... wala lang

siguro akong magawa kaya binalikan ko. Tama, wala lang talaga akong magawa. Hindi ko yun binalikan para sa kanya, wala lang talaga akong magawa! Tama! Tama!

"Sus, deny ka pa dyan. If I know, crush mo na ko noh?"

"Kapal mo. Kaw nga 'tong may crush sakin, feeling ka masyado."

"H-hindi kita crush noh!" tignan mo, nautal nanaman. Halatang halata aiy. ::)

"Oo na lang, sige na. Uuwi na ako." tumalikod na ako sa kanya at maglalakad na sana pauwi kaso bigla nya akong hinawakan sa braso.

"Uuwi ka na kaaga--- teka! Ang init mo!"

"Malamang! Buhay eh! Magtaka ka kung malamig ako, bangkay na yun!"

"Huurrr. Korni. Teka nga, patingin nga." lumapit sya sakin tapos hinawakan nya yung ulo ko ng dalwa nyang kamay at nilapit nya ang mukha nya tapos nilapat nya yung noo nya sa noo ko.

"O-oyy! Anong ginagawa mo!"

"Sssh. Wag kang malikot, tinitignan ko temperature mo."

"Nanananching ka lang eh!"

"Kapal mo talaga!" sabi nya pagkatanggal nya ng pagkakalapat ng noo nya sa noo ko, "Oy, may

lagnat ka bakit hindi mo agad sinabi?! Ang taas eh!"

"Aba. Malay. Tsaka sus, parang lagnat lang eh."

"Anong parang lagnat lang! Sira ka ba, pede kang mamatay sa lagnat lang nuh! Dapat pinadala mo na lang 'tong wallet na 'to sa kasama mo sa bahay o kaya pinagpabukas mo na, tignan mo lumabas ka pa tuloy kahit may lagnat ka. Umuulan pa man din oh, wala ka pang payong!"

"Sus. Lagnat at ulan lang. Tsaka wala akong kasama sa bahay 'no, wala akong mauutusan."

"Edi sana pinadala mo na lang sa aso nyo."

"Harhar. Korni mo din. Sige na uwi na ako."

"Teka, seryoso ka? Wala kang kasama sa bahay nyo?"

"Oo, wala parents ko nasa Hong Kong. Mag-isa lang ako. Pede na ba akong umuwi?"

"Eh teka, paano ka?"

"Anong paano ako?"

"Sinong mag-aalaga at mag-aasikaso sayo? Wala kang kasama sa bahay."

"Sus, parang yun lang. Malaki na ako noh, kaya ko na sarili ko. Inom lang ng gamot sabay tulog, bukas wala na 'to."

"Ano ka ba, samahan kita sa bahay nyo, pagluto kita ng sopas or lugaw."

"Wag na. Baka malason pa ako."

"Naman eh, dali na sasamahan na kita sa inyo baka kung ano pa mangyari sayo pag mag-isa ka lang."

"Wag na."

"Dali na."

"Sinabing wag na."

"Dali na kasi."

"Ayoko."

"Pleaaaaseeee?"

"Bye." tumalikod na talaga ako at naglakad na palayo sa kanya. Hinabol nya ako.

"Sige na nga, oh eto payong. Kung ayaw mo akong pasamahin, atleast man lang kunin mo 'tong payong ko, wag kang magpaulan."

"Eh ikaw? Wala kang payong?"

"Ok lang, nagtatricyle naman ako eh."

"Ok, thanks." kinuha ko na yung payong at naglakad na pauwi.

Malapit na ako samin nun, konting hakbang na lang nasa may bahay na ako kaso napatigil ako sa paglalakad ng may marinig akong bumahing mula sa may bandang likod ko.

"ACHOO!"

Lumingon ako at nakita ko ang babaeng yun.

"hehe. Oops, I got caught."

"WHAT THE HECK?! SIRA ULO KA BA O ANO?!" lumapit agad ako sa kanya at hinila ang kamay nya at dinala agad sya papasok ng bahay ko. Pagkapasok ng bahay, inihagis ko na lang yung payong sa may tabi tapos iniwan ko muna sya sa may tapat ng pinto at nagdiretso sa banyo para kumuha ng twalya at bumalik dun sa babaeng yun.

"Oh, tuyuin mo nga yang sarili mo." hinagis ko sa kanya yung twalya at sinambot naman nya yun at pinunas sa sarili nyang basang basa.

"Isa't kalhating tanga ka ba? Bakit nagpapabasa ka sa ulan? Tsaka, sinundan mo ba ako hanggang dito?!" naiinis kong sabi.

"Hehe. Oo eh, ayaw mo kasi akong pasamahin sa bahay mo eh kaya sinundan na lang kita."

"Ganon?! Tapos binigay mo pa sakin payong mo?! Tignan mo nga yang hitsura mo?! Basang basa ka!"

"ACHOO!"

"Ayan, tignan mo, binabahing ka na! Teka nga, kukuha lang ako ng damit, magkasakit ka pa nyan. Dalwa pa tayong magkalagnat! Dumiretso ka na dun sa sala, aakyat lang ako para kumuha ng damit."utos ko sa kanya sabay diretso na sa taas at pumuntang kwarto ko at naghalungkat sa cabinet ko ng pede kong ipasuot sa kanya.

Anobayan, ano ba ipapasuot ko sa kanya? Puro panlalaki naman 'to eh, wala naman akong kapatid na babae tapos hindi naman pede yung kay mama, masyadong pangmatanda at malaki ang mga damit ni mama eh.

Tae naman oh.

No choice, ito na lang long sleeve na shirt ko. Tama na siguro 'to, mahaba na 'to medyo malaki nga lang pero okay na, pede nya ng gawing bestida.

Bumaba na agad ako at nakita ko syang nakatayo sa may sala na nangangatal habang nakabalot sa katawan nya yung twalya.

"Oh, ito shirt, magpalit ka ng damit dun sa banyo." tinuro ko sa kanya yung banyo at nagdiretso

na sya dun ng walang imik pero 'achoo' sya ng 'achoo'. Tsss. Magpaulan ba naman.

Maya maya lumabas na sya ng banyo, suot nya na yung long sleeve shirt ko. Anlaki sa kanya, lagpas pa yung sleeve sa kamay nya, bale konting daliri lang ang kita tapos hanggang tuhod nya yung dulo ng shirt para tuloy talaga syang nakabestida. ;D

"Sinampay ko yung mga basa kong damit dun sa may banyo."

"Ah sige. Yaan mo na yun don. Pag natuyo na yun, umuwi ka na!"

"Papauwiin mo na agad ako?" :(umupo sya sa tabi ko sa may sala tapos pinatong nya sa may sofa yung dalwa nyang paa tapos niyakap nya yung binti nya gamit ng kamay nya. Aba, at home sya ah?

"Oo, in the first place naman ayaw kitang patuluyin dito sa bahay ko eh. Ikaw 'tong nangstalk sakin. Aminin mo nga, stalker kita noh?" mula sa pagkakaupo ko, lumapit ako sa kanya. As in super lapit na konting inches na lang yung mga mukha namin sa isa't isa tapos yung dalwa kong kamay nasa bawat magkabila nya tapos paipod sya ng paipod habang palapit naman ng palapit ang mukha ko sa kanya.

"Ano? Stalker ka noh?" sabi ko ng lumapat na yung ulo nya sa may sofa at yung paa nyang kanina lang ay nakapatong sa sofa ay nakababa na, bale parang yung half ng body nya nakahiga sa sofa at ako nasa may ibabaw nya at yung dalwa kong kamay nasa magkabila pa rin nya. Tutok na tutok ako sa kanya, inaasar ko lang sya pero bakit ganto... medyo kinakabahan ako, lumalakas yung tibok ng puso ko,*bumibilis*.

"H-ha? H-hindi ako stalker noh..."

"Sabi ng isa kong kaibigan may nakita daw sya sa desk mo na isang album na puro stolen shots ko. Explain mo nga kung ano yun?" nilapit ko pa ng maigi ang mukha ko sa mukha nya.

"H-hindi ko alam ang sinasabi mo." halatang nagsisinungaling sya, hindi sya makatingin ng diretso sakin eh.

"Aminin mo na kasi, may gusto ka sakin noh?"

Pagkasabi ko nun, tumingin sya sa mga mata ko. As in nagkakatitigan kami at dahil dun, mas lalo akong nakaramdam ng matinding kaba. Ewan, ano ba 'to, ang abnormal ko naman, kinakabahan ako sa wala.

"Ah-- Ah--" Ah? Napapansin kong kumukunot yung ilong nyo tapos pumikit sya, "ACHOOO!"

"Yuck! Potek!" tumayo kaagad ako at pinunasan ang mukha kong nabasa. Ampotek, tama ba namang bumahing sa mukha ko?!!! >:(

"Ahahaha!" tumingin ako sa kanya, tawa sya ng tawa habang nakahiga pa rin sa sofa, "Ikaw kasi eh, hahaha! Anlapit lapit mo sa mukha ko, hahaha. Yan tuloy! Achoo!"

"Tsss. Malala ka na, malala na yang sipon mo at utak mo."

"Tama na nga." tumayo na sya habang pinupunasan nya yung luha sa mata nya dahil sa katatawa at kakabahing, "Ano gusto mo, lugaw o sopas? Luluto ako."

"Marunong ka?"

"Ata." :D

"Anong 'ata' ka dyan?! Wag ka ng magluto kung hindi ka marunong, mag-aaksaya ka lang ng pagkain!"

"Anla. Gusto kong magluto." naglakad na sya at pumunta sa may kusina at binuksan yung mga cabinet dun at nagkalkal ng ingredients.

"Sinabi na ngang wag ka ng magluto, masasayang lang ang pagkain." pagpigil ko sa kanya.

"Eh gusto kong magluto eh."

"Hindi pede, dyan ka lang." hinila ko sya papunta sa may table, "Maupo ka lang dyan." inutusan ko sya at sumunod naman sya, umupo sya dun, "Wag kang malikot, behave. Magluluto lang ako ng sopas. Ako ng magluluto para kahit papaano pedeng tawaging pagkain. Baka mamaya pag ikaw nagluto, mamatay pa tayong dalawa."

"How mean." binelatan nya ako, hindi ko na lang sya pinansin at nagsimula ng magluto.

Habang nagluluto ako kung anu ano mga kinukwento nya, hindi na nga lang ako nakikinig eh. Grabe ha, andaldal nya kahit bahing na sya ng bahing.

"Oh yan, luto na." sabi ko ng matapos na yung sopas, pinatay ko na yung kalan at kumuha na ng dalwang soup bowl at dalwang kutsara. Nilagyan kong parehas ng sopas at dinala ko sa may

table.

"Hmmm. Ang bango, nakakagutom."

"Ano ba, sopas lang yan. Kung makareact naman 'to, kala mo chicken yung sineserve."

"Tignan mo 'to, kaw na nga 'tong pinupuri, kaw pa 'tong may ganang mambara."

Nagsimula na kaming kumain. Natapos agad sya, humingi ulit sya ng panibago. Nung matapos yung pangala nya, humingi ulit sya. At ng matapos, humingi ulit. At ng matapos ulit, humingi ulit. Natapos, humingi, natapos, humingi. Hanggang sa naubos na yung sopas.

"Sluuurp. Sarap!" sabi nya pagkatapos nyang higupin ang panghuling sopas.

"Di ka naman gutom eh noh?"

"Ang sarap eh, sarap sa pakiramdam ng mainit na sopas." sabagay, ansarap nga sa pakiramdam, medyo nawawala yung pagkahilo ko at lamig sa katawan.

"BUUUURP!"

"Bastos."

"Haha. Excuse me!" ;D

Ano ba 'tong babaeng 'to, kababaeng tao ai.

"Burp!"

"Nanaman?! Ano ba, kababae mong tao."

"Haha. Hindi mapigilan eh. Busog eh." natatawa nyang sabi. At natuwa pa sya at dighal sya ng dighal? Manners man lang, please?

"Burp!"

"Ano ba, pangatlo na yan ah!"

"Teka, teka. May isa pa ata, nararamdaman ko, last na 'to!

"BUUUUUUUUUUUUURP!"

Nagpakawala sya ng isang napakalakas na dighal.

"ANO BA!"

"Hahahaha! Excuse me. Hahaha. Last na yun, promise, napuno lang talaga ng hangin ang tyan ko. hahaha." sabi nya habang tawa ng tawa.

Anak ng.

Number 4: She burps like a fat guy.

Geez. This girl's out of control.

Nung matapos kaming kumain at sa kanyang burping session, nagpunta na kaming sala at nanuod ng tv.

"Maya maya, umuwi ka na."

"Pauuwiin mo na agad ako? Tignan mo oh, anlakas ng ulan." :(

"Eh ano? May payong, may tricycle na nadaan. Para namang mababasa ka nun?"

TZZZZ! <--- sound effect ng thunder. anlabo. hahaha. xD

"Ohmygash." nung kumulog ng malakas, bigla syang sumigaw at nilagay yung dalwa nyang kamay sa magkabila nyang tenga tapos nakapikit sya.

"Ano ba, parang kulog lang."

"Please, wag mo na muna ako pauuwiin. Please, patilain mo muna ang ulan. Ayoko umuwi ng ganto, please, parang awa mo na. Natatakot ako sa kulog at kidlat." sinabi nya yun na nakapikit pa rin at nakatakip pa rin ang tenga nya. Mukhang takot na takot nga sya sa kulog.

"O sige na nga, konsensya ko pa kung mamatay ka dyan sa takot sa paguwi mo."

"Thank you!" sinabi nya yun pero ganun pa din yung position nya.

"Huy, ano ka ba, pede mo ng tanggalin ang kamay mo sa tenga mo at pede ka ng magmulat ng mata, wala pa namang kulog oh."

"Ayaw."

"Tanggalin mo na." lumapit ako sa kanya at pinilit kong tanggalin yung kamay nya sa tenga nya. Para naman kasing bata eh, parang kulog lang.

"No!"

"Dali na." pinipilit kong tanggalin pa rin ang kamay nya pero ayaw talagang papigil, medyo naangat ko na yung kanang kamay nya eh pero pilit nyang binabalik, "Tanggalin mo na kasi eh."

"Ayoko ng----"

TZZZZ!

Bigla nanamang kumulog ng malakas at....

"AHHHHH!" biglang nagbrown out at narinig ko syang sumigaw at naramdaman ko ang bigla nyang pagyakap sakin.

"Hala, brown out."

"Andilim! Wala akong makita. Natatakot ako!" sabi nya sa nanginginig na boses. Ano ba yan, ang dilim nga, mga mag-fa-five pm na kasi eh, eh pag gantong magpapasko na, maaga pa lang madilim na kaya pag nagbrown out, wala ka ng maaninag na liwanag mula sa labas.

"Teka, dyan ka muna, kukuha lang ako ng kandila at flashlight." tinanggal ko yung pagkakayakap nya sakin at nagsimula ng maglakad para kumuha ng kandila at flashlight pero naramdaman ko ulit ang pagkapit nya sakin.

"Wag mo akong iwan, please."

Kinuha ko yung cellphone sa bulsa ko at ini-unlock yun bale nagkaliwanag mula sa cellphone ko, tinapat ko yun sa mukha nya para makita ko mukha nya, *"Babalik ako, okay?"*

Enjoy reading! Vote&comment. TY. :3

- 5 -

"In the end, it's not going to matter how many breaths you took,
but how many moments took your breath away. "
- Anonymous

"Babalik ako, okay?"

"Bilisan mo ah?" tumango ako at lumuwag na yung pagkakahawak nya sakin. Umalis na ako pagkatapos at nagpunta sa may banyo, andun kasi nakatago yung mga kandila eh. Kumuha ako ng mga tatlo at isang lighter at isa ring flashlight. Bumalik agad ako sa sala kung nasaan nandun yung babaeng yun.

"Dito ko ilalagay yung isang kandila." sinindihan ko na yung isang kandila at nagliwanag na kahit papaano. "Lalagyan ko lang yung sa kusina at sa may corridor ah." pumunta na akong kusina at corridor para lagyan ng mga kandila at pagkatapos bumalik na ako sa sala.

Pagbalik ko nakita ko, nakaupo lang sya dun sa sala tapos naka-angat yung dalwa nyang paa na nakapatong sa sofa tapos yung dalwa nyang kamay nakayakap sa binti nya habang ang ulo nya nakabaon sa may tuhod nya.

"Uy, ayos ka lang?" tumabi ako sa kanya at tinapik ko sya sa balikat. Hindi nya ini-angat yung ulo nya bagkus eh umiling sya habang nakabaon pa rin yung mukha nya sa tuhod nya.

TZZZ!

Kumulog nanaman at napansin kong lalo syang naging stiff sa position nya at humigpit yung yakap nya sa mga binti nya.

Tinapik ko ulit sya sa balikat, "Hey, okay ka pa ba?"

sob sob

I could already hear her sobbing, "H-hey! Bakit umiiyak ka?"

Ano ba 'to, ang OA naman netong babaeng 'to, parang kidlat at kulog lang umiiyak na.

TZZZ!

Kumidlat ulit at dahil dun, mas lumakas yung iyak nya.

"T-teka, tahan ka na. Wag ka ng umiyak." tae. Natataranta ako pag gantong may naiyak eh.

"Paano ka ba tatahan..." :-\ hindi ko malaman gagawin ko. Ano ba 'to.

Bigla may pumasok na ideya sa isip ko.

"Halika." kinuha ko yung kamay nya at sinubukan hilahin 'to at dahil dun napaangat sya ng ulo at pag-angat nya ng ulo nakita ko mula sa liwanag ng kandila ang basang basa nyang mukha mula sa kanyang luha. Nagtataka yung itsura nya.

"Basta, halika." hinila ko sya patayo sa sofa hanggang sa paakyat ng hagdan papunta sa kwarto ko. Sinarhan ko yung pinto ng kwarto ko tapos nagsindi ako ng kandila dun tapos sinarhan ko din yung bintana ng kwarto ko para maging close na close yung loob ng kwarto ko kaya pag kumidlat man hindi ganun kalakas.

"Umupo ka dyan." pinaupo ko sya sa higaan ko. Umupo naman sya dun, tapos ako kinuha ko yung gitara ko sa tabi ng higaan ko tapos umupo ako sa tabi nya.

"Hindi ko alam kung madidistract ka nito mula sa kidlat pero... sana madistract ka nga. Wala kasi akong maisip na paraan para mapatahan ka eh. Alam mo kasi, natataranta ako pag may nakikita akong taong naiyak eh. So eto... Eto ang pakinggan mo imbis na ang tunog ng kidlat..." nagsimula na akong magstrum sa gitara ko.

Now playing: Just The Way You Are Cover by Joseph Vincent
(Listen by clicking at the side --->

"Oh her eyes, her eyes
Make the stars look like they're not shining
Her hair, her hair
Falls perfectly without her trying"

Nagsimula na akong kumanta, nakayuko pa rin ako habang nakanta kasi tinitignan ko yung ini-istrum ko sa gitara.

"She's so beautiful
And I tell her every day
Yeah I know, I know
When I compliment her
She wont believe me
And its so, its so
Sad to think she don't see what I see"

Tumingin na ako sa kanya... Nakatingin lang sya sa sahig habang nilalaro nya yung mga daliri nya na nakapatong sa may lap nya tapos kagat kagat nya yung ibaba nyang labi. Hindi na sya umiiyak pero mukhang hindi pa rin sya kalmado. Binawi ko na yung tingin ko sa kanya at binalik sa may gitara ko.

"But every time she asks me do I look okay
I say,

When I see your face
There's not a thing that I would change
Cause you're amazing
Just the way you are
And when you smile,
The whole world stops and stares for awhile
Cause girl you're amazing
Just the way you are"

Tumingin ulit ako sa kanya, at ngayon nakatingin na sya sakin. Nagsalubong yung tingin namin, ngumiti ako sa kanya pero inalis nya yung tingin nya at ibinalik ang tingin sa semento habang nilalagay nya sa likod ng tenga nya yung ilang mga buhok na nakalaylay sa may tabi ng mukha nya.

"Her lips, her lips
I could kiss them all day if she'd let me
Her laugh, her laugh
She hates but I think its so sexy

She's so beautiful

And I tell her every day"

TZZZ!

Kumulog. Nakita ko na nagitla sya kaya mas lalo kong nilaksan ang pagkanta ko.

"Oh you know, you know, you know

Id never ask you to change

If perfect is what you're searching for

Then just stay the same

So don't even bother asking

If you look okay

You know I say"

Tinignan ko sya, mukhang kumalma naman agad sya at hindi na sya umiyak, "Ayos ka na ba?"

Tumingin sya sakin, tumango sya habang nakangiti. Ngumiti din ako sa kanya at pinagpatuloy ang kanta.

"When I see your face

There's not a thing that I would change

Cause you're amazing

Just the way you are..."

"Salamat..." narinig ko yung pagbulong nya. Tumingin ako sa kanya pero nakita ko, nakatingin na ulit sya sa may semento but this time nakangiti na yung mga labi nya.

Dug dug dug

I heard something loud. I'm sure it's not the thunder and it wasn't my guitar.

"And when you smile,
The whole world stops and stares for awhile
Cause girl you're amazing
Just the way you are..."

Natapos na yung kanta pero parang may nararamdaman akong kakaiba...
Tumayo ako at pinatong yung gitara sa may kama ko, "Umm, excuse me, punta lang akong banyo."

Pumasok na ako sa banyo ng kwarto ko dala dala ang isang flashligh, pinatong ko yung flashlight sa may tabi dun tapos pumunta agad ako sa may lababo at naghilamos. Pagkatapos maghilamos, pinatong ko ang dalwang kamay ko sa may magkabila ng lababo at tumingin sa salamin.

Nakikita ko ang mukha kong basang basa ng tubig na parang hinihingal na hindi mapakali, *"Something's not right."*

Vote, comment, like. Enjoy reading! <3

- Chapter 6 -

She's such a whiner.

"Everyone smiles in the same language."

- Unknown

"Something's not right..." parang umiikot yung paningin ko tapos yung tyan ko....

I feel...

I feel like vomiting.

***Uwaaack* <--- sound epeks po ng taong nasuka. (Ang korni ko talaga magsound effects noh? :D)**

Ansama ng pakiramdam ko tapos nanlalabo yung paningin ko....

Tugsh!

Pagkatapos kong sumuka, bumagsak na yung katawan ko sa sahig.

"OMG!" narinig ko ang pagbukas ng pinto pati na rin ang sigaw ng babaeng yun at pagkatapos nagdilim na ang lahat.

Tiktilaok!

Nagising ako sa tilaok ng manok, hinde joke lang. Wala kaming manok noh, nagising lang ako sa sikat ng araw--- teka, sikat ng araw? Huh? (?__?)

Tumayo ako sa pagkakahiga ko and--- ohmen ma loloh! What happened to my clothes? Bakit naka-PJs na ako? I don't remember changing in my PJs... Don't tell me, she raped me? ohmen ma loloh! I'm not a virgin anymore! :o

TOOT TOOT

Kinuha ko yung cellphone ko na nasa bedside table lang.

From: +6390000000
Goodmorning LSS! Don't freak out, I only changed your clothes but I didn't touch or did something indecent last night while you were out of commission. Nasukahan mo kasi damit mo eh. Nwy, drink your medicines 'kay? I left it on the kitchen table together with your breakfast. And don't worry, hindi ako ang nagluto, binili ko yung lugaw sa malapit na lugawan dyan. 'Kay, thanks for last night and sorry for bringing trouble to you. Get well soon, LSS. <3
What's with less than three symbol. Seesh.

Tumayo na ako sa higaan, kinapa ko muna yung leeg at noo ko, hindi na naman mainit, mukhang wala na akong lagnat, sinat na lang siguro. Pumunta akong banyo ng kwarto ko para maghilamos pero pagpasok ko ng banyo may nakita akong isang maliit na lagayan na may tubig tapos may nakababad dun na maliit na towel. Hindi kaya...*inalagaan nya ako kagabi?*

Tapos, bumili pa sya ng lugaw para sakin. Tae, ang sweet.

Teka. Tae. Ano ba 'tong pinagsasabi ko. Psssh. Makapaghilamos na nga lang!

Pagkatapos maghilamos nagdiretso na ako sa kitchen, kumain at ininom ang gamot tapos nagdiretsong sala at nanuod ng tv.

Ewan ko habang nanunuod ako ng tv, hawak hawak ko yung cellphone ko at maya't maya akong sumisilip dun.

"Ughhh! Magte-thank you lang ako! Yun lang!"ini-unlock ko yung cellphone ko at nagsimula ng magtype ng msg.

To: +63900000000
Uh.. Hi! Thanks nga pala sa pag-aalaga mo kagabi. :)

Hindi ko sinend, ini-erase ko at nagtype ulit ng bago.

To: +63900000000

Thanks.

Message Sent.

Nag-aantay ako ng reply.

10minutes....

15minutes....

20minutes...

30minutes....

Bakit walang reply?

Tungeks ka ba. Syempre, ano bang irereply sa "thanks"? Hindi na talaga yun magrereply sa ganung message.

Pede namang magreply ng "welcome" ah.

Tae. Bakit ko ba kinakausap sarili ko.
At bakit ba ako nagaantay ng reply ng babaeng yun. Who cares, right?

TOOT TOOT

Message! Unlock, view and----

From: Ryan

GM

Morning!

Tae. GM lang pala.

Tama na nga, para akong tanga. Ma-charge na nga lang 'tong cellphone ko at malolobat na.

Chinarge ko na nga yung cellphone ko at bumalik ulit sa sala para manuod ng tv.

Natapos ang araw na yun na wala akong ginawa kundi manuod lang ng tv o kaya magcomputer. BORING.

The next day, ano bang pedeng magawa? Errr.... Boring.

Walang magawa sa buhay kundi tumunganga.

Nandito lang ako sa kwarto ko at nakahiga sa kama ko. Hmmm... Ano ba pedeng gawin?

Tumingin ako sa kaliwa, wala. Tumingin ako sa kanan at....

"Right!"tumayo agad ako sa pagkakahiga ko at lumapit dun sa may studytable ko. Kinuha ko dun yung requirement paper.

xxxx-xxx-xxxx-xxx

Course Requirement in Moral and Education Studies 2011

10 things about that girl/boy sitting next to me:

1. ***That girl*** sitting next to me is annoying and irritating.

2. ***That girl*** is really tone deaf.

3. ***That girl*** has a memory of a 150yr old person.

4. ***That girl*** burps like a fat guy.

5.

6.

7.

8.

9.

10.

1 thing about me:

1.

xxxx-xxx-xxxx-xxx

Teka.... 4 pa lang nasusulat ko? Tae. Anobayan, 6 pa pala!

Ah teka, tama.

Number 5: That girl is such a crybaby.

Ang iyakin kasi, kidlat lamang aiy. ::)

Kelangan makumpleto nanamin 'to.

Kukunin ko pa lang yung phone ko para tawagan sya kaso nauna na ng tumunog yung cellphone ko.

Akala ko sya na pero nadisappoint ako ng makita kong si Steve lang pala ang natawag.

"Uy?"

"Pre, sama ka?"

"Saan?"

"Sa langit."

"Ha?!"

"Hindi, joke lang." ;D

"Gagu, saan ba?"

"Mangangarolling daw. Tayong buong klase pero hindi buo, wala yung iba eh. :D"

"Kelan? Tsaka anong oras? Pati saang lugar?"

"Mayang gabi na, mga 8:30pm daw meet up sa tapat ng bahay nina Kate. Ikot lang tayo sa village nila."

"Ah sige, game ako."

Hindi ko na natawagan pa yung babaeng yun kasi may gagawin na pala ako mamayang gabi. Sabagay, halos buong klase naman pupunta mamaya eh, so baka makita ko rin sya.

9:30pm na pero andito pa rin kami sa tapat ng bahay nina Kate, kahit sinabing 8:30pm inabot

pa rin kami ng isang oras sa pagaantay, Filipino time. ::)

"Uy pare, kanina ka pa palinga linga ah, sino ba hinahanap mo? Siguro may crush ka sa klase nuh." ^-^

"Ulul, wala." tae talaga 'tong si Steve oh, daig pa babae sa pagkaintrigero eh.

"Asus. Halos mabali na yang leeg mo kakahanap sa kung sino man yun oh."

"Tae. Layuan mo nga ako Steve---"

"Sorry, late ako!" napalingon agad ako ng marinig ko yung boses na yun.The voice that was stuck in my head.

"Lagi ka namang late."

"Haha. Sorry naman, Ana. Nalimutan ko eh.":D

"Napakamalilimutin mo talaga kahit kelan."

"Hehe." tumawa sya sa sinabi ng kausap nya kaso nabigla ako ng mapadako ang tingin nya sa banda ko at dahil dun nagsalubong yung tingin namin at ngumiti sya sakin, pero imbis na ngumiti din sa kanya iniiwas ko yung tingin ko.

"Oy ano yun?" taena. Intrigero talaga tong si Steve.

"Wala." buti na lang nagyakag na sina Kate na magsimula na ng carolling at nawala na sa isip ni Steve ang kulitin ako sa nakita nyang tinginan namin nung babaeng yun.

Habang naglalakad kami, hindi ko maiwasan ang tumingin sa dako nya. Tae. Bakit ba ako tingin ng tingin? Amp.

"Silent Night, Holy Night..."

Nagsimula na kaming mangarolling sa iba't ibang bahay.

"Ey, tara na."

"Ayoko na, pagod na ako." napatigil ako sa paglalakad at napalingon sa kanila.

"Tignan mo oh, maiiwan na nila tayo. Tara na, tumayo ka na dyan at lumakad na tayo."

"Ayoko. Pagod na ako, sakit na ng paa ko. Kung gusto mo mauna ka na." sabi nung babae na yun kay Ana, yung isa pa naming kaklase. Nakaupo sya dun sa isang malaking bato habang nakahawak sa binti nya.

"Hindi kita pedeng iwan dyan, andilim na kaya mamaya mapaano ka pa. Tara na, antamad naman neto oh. Tara na!" hinigit sya ni Ana sa may kamay nya.

"Ayoko. Mauna ka na Ana. Sunod na lang ako sa inyo pag nakapahinga na ako."sabay bawi nya ng kamay nya sa pagkakahila ni Ana.

Lumapit ako sa kanila,"Sige na Ana, mauna ka na. Sasamahan ko na lang sya."tumingin sakin si Ana, halatang nagtataka yung itsura nya sabay bigla syang ngumiti ng makahulugan.

"Sige, sunod kayo ah." ;) at umalis na sya.

"Antamad mo, alam mo yun?"

"Anong tamad? Sa pagod na ako eh, anlayo na kaya ng nalakad natin."

"Tss." yun na lang yung nasabi ko sabay umupo ako sa tabi nya.

Wala kaming imik dun hanggang sa mga siguro 5minutes yung nakalipas ng mapagdesisyunan na nyang tumayo.

Nakasunod naman kami sa klase, hindi pa naman kasi sila kalayuan.

Habang naglalakad kami panay ang reklamo nya.

"Ano ba yan ang lamok." sabi nya sabay palo sa may braso nya. Naka-tshirt lang kasi sya.

"Ano ba yan, inaantok na ako."

"Ano ba yan, gutom na ako."

"Ano ba yan, anlamig."

Inabutan ko sya ng jacket ko,"Oh please, stop whining." =__=

Number Six: ***That girl's such a whiner.***

"Uy, guys oh, tignan nyo sila!" sa sinabing yun ni Steve, lumingon ang lahat saming dalwa. Nasa pinakalikod kasi kami ng grupo habang naglalakad eh kasi diba nga tumigil kami kanina kaya nahuli kami sa pila ng grupo.

"Oo nga, uyyyy. Ano yan?"

"Ancheesy ah..."

"Something fishy..."

Tae. Tinutukso kami ng klase.

"Kayo ba?"

Chapter 7.1 : She's so childish

"uy kayo na?" nabigla ako sa mga tanong na ipinukol samin ng mga classmates namin. Hindi ako makasalita... Why is it so dang hard to say "no"? Speak, dude!

"Hahahaha!" nabigla na lang ako ng tumawa sya, tumingin ako sa kanya, "Guys, stop kidding."

"Asus. E diba crush mo naman sya?" napatigil naman sya sa pagtawa ng may magsabi nun pero ngumiti lang ulit sya,"Ssshh. Wag kayong maingay."

Tapos lumayo sya sakin at lumapit na sa mga friends nya, "Tara na nga, mangarolling na tayo."

Nagmove na sila ulit and I was left there standing in confusion, "Dude, sabi ko sayo eh, may pagnanasa sayo yun eh."

Dati, when Steve told me about that girl having a crush on me or something, it actually sent shivers to my spine but now... it still sends me shiver pero... there's more. I don't know, I don't understand myself anymore. I'm effin weird.

The next day...

From: +6390000000

I forgot to return your jacket. Can you meet me today?

It's her. I'm glad she forgot to return it to me, atleast I'll have a reason to meet her. Wait. Like what the fcuk did I just say? These days I'm actually saying things I don't really understand.

Just admit it.

I heard my conscience. Admit what?

To: +6390000000

Sure. At the park, 6pm.

From: +6390000000

At the park? Huh? I just have to return your jacket.

Oo nga pala. But I want to go to the park. T____T

To: +6390000000

I accidentally bought tickets. I don't wanna waste 'em so...

Pssh. Liar. I don't have any tickets. I just don't know what to say. :D

From: +6390000000

Got it! Meet you later. (;

Sheet. Kinilig ata ako. Aaah! Why are you so gay?!!! >___<

It's only 4pm and I'm already this giddy, I'm like a kid who's so excited to see the park when the truth is, I'm actually excited to see *that girl*. Fine, I said it. I WANT TO SEE HER. But I'm not admitting anything, I still don't understand my feelings 'kay?

5pm, I went there an hour earlier para bumili ng tickets namin. After buying, I waited impatiently. Sorry, I'm not really a patient guy.

5minutes before 6pm.

"Where the heck is she?!!"

6.10pm.

10 minutes had passed already! What the?!

Kinuha ko cellphone ko at tinawagan sya.

Ring, ring, ring

She picked it up at the 7th ring. What took her so long?

"Umm... H--hello?" she spoke in a tone of a person who just woke up. LIKE REALLY, DON'T TELL ME SHE WAS SLEEPING ALL THIS TIME?!!

"WHAT THE?! DID YOU JUST WOKE UP?!"

"Eek. Don't shout, ansakit sa tenga. Well yeah, kakagising ko lang dahil tumawag ka. What's the problem ba?"

"PROBLEM?! IKAW! IKAW ANG PROBLEM! ALAM MO BA KUNG ANONG ORAS NA?!" feeling ko mageexplode na ako sa inis.

"6.15... eh an--- oh no!"

"Yeah, oh no." I said sarcastically.

"I'm sorry! I totally forgot! Don't worry, I'll be coming in less than 20minutes. Please wait for me!"

"Just hurry!" then I ended the call. Seesh. She's even worst than my old geezer. /sighs.

After 20minutes or more...

"I'M SO SORRY!" she's running towards me while combing her hair, I can't help but to laugh at her situation. Halatang halatang minadali nya ang kilos nya, she even has her shoelace untied.

"Wait a moment." nung makalapit na ako sa kanya, lumuhod ako at tinali ang shoelace nya, "Dummy, you'll get hurt."

Tumayo na ako pagkatapos nun and I saw her looking directly in my eyes... uhh, spell awkward?

"C'mon! Let's go!" tumalikod na lang ako at nagdiretso na papasok ng park.

"Hey! Wait up! Wala akong ticket, nasa iyo.!" ;D

--- inside the park

"Ooh. Exciting!" parang bata nyang sinabi habang tinitignan ang paligid.

"Don't tell me hindi ka nakakasakay or nakakapunta sa theme parks?"

"Uh... honestly, hindi pa eh."

"What?! Bakit naman?"

"Eh... I've spent my childhood days kasi sa isang lugar eh tapos nung makaalis na ako sa lugar na yun, hindi rin ako pinapayagan nina mama na pumunta sa mga ganto."

"Ha? Bakit?"

"For some reasons daw."

"Uhh.. okay. Pero paano ka nakapunta dito? Pinayagan ka ba nila?"

"Sus! Malaki na ako! Kelangan ko pa bang magpaalam?" ;D

Naglakad lakad kami. Andaming tao, ang hirap sumiksik. Tuwing holiday seasons lang kasi binubuksan itong park kaya maraming napasyal.

"Wait! Teka lang!" napatigil na lang ako sa paglalakad ng marinig ko syang tumawag sakin, lumingon ako at nakita kong nahihirapan pa syang sumiksik sa baha ng mga tao. Ako na yung lumapit sa kanya at hinawakan sya sa kamay, napatingin sya sakin ng may pagtatanong.

"Mahirap na, baka mawala ka." yun lang yun sinabi ko at hinigit ko na sya sa kanyang kamay. Silence was filling us.

"Dun tayo!" bigla nyang tinuro yung horror house. Fck. I have phobia with horror houses.

"Wag na, panget dyan." hinila ko sya sa ibang direction pero hinila nya ako pabalik sa direksyon ng horror house.

"Gusto ko dun eh!"

"Eh panget nga dun eh."

"Mas panget ka!"

"Aba! Bahala ka, pumunta ka dun magisa mo."
at binitawan ko na ang kamay nya at maglalakad na sana ako palayo ng bigla nyang hawakan ulit ang kamay ko.

"Nababakla ka ba?" she was teasing me and it sounded like a challenge to me.

"At sino may sabi ha?!"

"Wala naman. Hypothesis ko lang. Ayaw mo kasing itry yung horror house eh." ::)

"FINE. LET'S ENTER THAT EFFIN HOUSE."
ako na mismo ang humila sa kanya papasok ng horror house.

BE READY FOR THE DOOM OF YOUR LIFE MWAHAHAHA

Entrance pa lang, kinilabutan na ako. Meron pa kasing nakakatakot na boses ang nagsalita sa loob ng horror house. Kumapit ako ng madiin sa kamay nya na syang dahilan para mapatingin sya sakin pero syempre nagpalusot ako...

"Wag kang matakot, andito lang ako."

I'm scared to death. I swear.

part 1/2 of chapter 7.

To be continued...

Chapter 7.2

"Wag kang matakot, andito lang ako." ang hirap maging lalaki talaga, pag nagpakita ka ng kahinaan pagtatawanan ka nila pero pag babae, cute pa ang tingin nila. Thats so unfair! Marunong din naman kami matakot ah bakit kelangan istereotype na agad nila kami. =___=

"Don't worry, hindi ako matatakutin. Ikaw pag natatakot ka, kapit ka lang sakin okay?" pinisil nya ang kamay ko.

"Ako matatakot? Ha! Ha! Ha! Asa pa!" ang yabang ko talaga kahit kelan, ngatal na mga tuhod ko pero kung anu ano pa sinasabi ko.

"Sabi mo eh," nakangiti nya akong hinila papasok hanggang sa sobrang dilim na sa loob na kakarampot na ilaw lang mula sa floorstep ang merong liwanag. Patuloy kami sa paglalakad, patuloy ko ring naririnig ang naglalakasang sigawan ng mga tao sa loob.

"Boo!"

"Uwaaaa!" sobrang nabigla ako sa pagsulpot ng isang puting nilalang sa gilid ko na agad namang nawala.

"Uy okay ka lang? Bakit ka sumigaw?"

"Ha? Ako sumigaw? Hindi ah, yung nasa likod ko yun." tinignan nya ako with great doubt tapos shinake nya lang ang ulo nya.

"Fine. If you say so but one thing, dont get a heart attack ok? They aint real." tapos tumalikod na agad sya at hinigit ako sa paglalakad while giggling.

"A-anong... Hindi... Asar. Pero... Argh. Buset." i curse under my breath.

"kyaa!"

"aah!"

"eee!"

Nakarating kami dun sa part na madaming tao, ansikip sikip tapos ang ingay. Lakas ng sigawan kasi andaming nambibigla, pati ako napapasigaw. Pakshett, ambading ko. =__=

"eeek!"

"anong meron?" nagpapanic kong tanong ng sumigaw sya. For the first time sumigaw sya, all this time kasi parang wala lang sa kanya yung mga pananakot kaya naman sobrang nacatch nya ang attention ko sa bigla nyang pagsigaw.

"Ano kasi---"

"O ano?" hindi na sya nagsalita ulit.

"EEK!"

"Huy! Anong nangyayari sayo?" hindi ko masyadong makita mukha nya eh, madilim kasi eh.

"Ano! Ano kasi, merong humahawak sakin!"

"Anong humahawak? Wala namang humahawak sakin." well except na lang kung may tumutulak saking mga taong tumatakbo o natatakot. Sa sobrang sikip kasi at sa daming natatakot dagdag pa ang kadiliman ng palagid ay nagkakaapakan na ng paa at nagkakatulakan na.

"Ano.. eh... EEEEK!" sumigaw nanaman sya.

"Huy, ano ng nangyayari? Anong humahawak sayo?" nagpapanic na ako sa babaeng ito, hindi ko malaman kung anong nangyayari sa kanya.

"MAY---- MAY--- MAY NANGHAHAWAK SA PWET KO! MAY NANGMAMANYAK SAKIN!!" humigpit yung hawak nya sakin at maririnig mo sa boses nya yung takot.

Naalarma naman ako sa sinabi nya, nagpalinga linga ako sa paligid para hanapin yung sinasabi nyang nanghahawak sa kanya pero sa sobrang dilim at dami ng tao hindi ko magawang mahanap kung asan yung manyakis.

"Halika dito," wala na akong naisip na paraan kundi higitin sya palapit sakin at yakapin para maprotektahan sya sa nangmamanyak sa kanya.

"T-teka..." nabigla nyang sabi habang nakahawak sya sa dibdib ko.

"Ssh. Ganto tayo hanggang sa makalabas tayo para hindi ka mahawakan ng kung sinu sino dyan."

"Eh? Pero paano tayo maglalakad?"

"Eh... oo nga noh?" antanga ko. Paano nga kami maglalakad ng magkayakap. =__=

"Wag na, baka wala na din naman yun." tinulak nya ako ng mahina para makawala sa yakap ko.

Pero as soon as nahiwalay sya sa yakap ko eh bigla ulit syang sumigaw, "EEEK!!!"

This time, mas aware ako sa pangyayari kaya naman pagkasigaw na pagkasigaw nya ay hinanap ko kaagad ang manyakis at nahuli ko ang isang lalaking nakangisi na malapit sa kanya na palayo pa lang ang kamay sa pang-ibaba ng babaeng ito. Hinawakan ko kaagad ang kamay ng manyakis bago pa ito makalayo.

"HOY, KANINA KA PA HA!" sigaw ko dito.

"Eh? Anong nangyayari? Sino kausap mo?" naguguluhang tanong sakin ng babaeng ito.

Hinigit ko lang sya palapit saking tabi para mailayo sa lalaking kasalukuyang hawak hawak ko pa rin ang kamay.

"NAHULI KO NA ANG NANGMAMANYAK SAYO! ETO SYA OH!"

"Hoy brad, bitawan mo kamay ko!" sigaw sakin nung manyakis, "Anong nangmamanyak? Anong pinagsasabi mo?!"

"Wag ka ng magdeny pa, huling huli ka na eh." pinilit nyang tanggalin ang kamay nya sa pagkakahawak ko pero hinigpitan ko lang ang hawak ko dun para hindi sya makatakas.

"Sabi ng bitawan mo ako eh!" hindi ko inaasahan ang susunod nyang gagawin, bigla nya akong sinuntok gamit ang free hand nya.

Nakabawi naman agad ako sa suntok nya kaya bago pa sya makatakas eh hinigit ko ang shirt nya mula sa likod nya at iniharap sakin para masuntok ko din sya sa mukha nya, "Manyak ka na nga, duwag ka pa!"

"Tangshett 'to ah, sino ka ba? Angas mo?" babalikan nya sana ako ng suntok pero this time nailagan ko ito. Tinuhod ko sya at tinulak ng malakas at dahil dun napasubsob sya dun sa mga tabing props ng haunted house, nasira tuloy ito at naka-caught ng attention ng maraming tao kabilang na ang mga operator ng haunted house.

"Hoy, hoy ano yan!" may mga dumadating ng staff.

"Pagbabayaran mo 'to, tandaan mo yan. Hindi ako marunong makalimot ng mukha." binantaan nya pa ako bago tumayo at nagmadaling lumabas ng haunted house. Hinabol sya ng mga staff pero ewan ko lang kung nahabol sya.

Nag-explain na rin kami sa kanila pero hindi nila kami pinakinggan kaya pinalabas na nila kami ng park. =__=

"Ampupu. Sayang naman, bakit ganun sila pinalabas nila tayo!" nakaupo kami sa isang bench at yung mga siko nya nakapatong sa binti nya habang nakahalumbaba sya at humahaba ang nguso.

Kung titignan mo talaga, yung mga ugali at kilos nya parang ugali ng isang 5yrs old.

Number 7: **That girl is so childish.**

Akalain mo yun, malapit na akong matapos sa list ko? 3 na lang. Yezzz!!

"Wala tayong magagawa, nagcause tayo ng gulo eh so we ended up being kicked out."

"Eh hindi naman tayo ang nagsimula eh, yung manyakis na yun! Hala speaking of manyakis," bigla syang umayos ng upo at lumapit sakin, "Ayos lang ba ang sugat mo?"

Tinutukoy nya yung pumutok kong labi dahil sa suntok na natamo ko kanina, hindi naman grabe eh konting dugo lang yung lumabas sa gilid ng labi ko pero ngayon hindi na sya nagdudugo pero namumula pa rin.

"H-ha? Wala 'to." lumayo ako ng tingin sa kanya, bigla kasi akong nailang eh.

"Hindi masakit?"

"Hindi, hindi. Don't worry."

"Hindi masakit kung," nabigla ako kasi bigla nyang hinawakan ang magkabilang pisngi ko at iniharap nya ako sa kanya, nagmeet yung mga mata namin, *"Hahalikan ko?"*

Then she kissed me.

Enjoy reading! Don't forget to vote, like & leave a comment. Thanks! <3

- 8 -

That girl is a deceiver.

xxx-xxx-xxx-xxx-xxx

"Decisions shape your destiny; it is in the moments of indecision that fate takes over. "

- Mark Amend

xxx-xxx-xxx-xxx-xxx

Arghhh! Putekkk. Asaaar. AHHHH!!

Hindi ako makatulog. Buset na buhay yan. Buset na babaeng yun. Buset na araw na ito. Buset na halik yun. =__=

Paano ba naman kasi, pagkatapos nya akong halikan bigla syang tumakbo paalis. Kamusta naman daw yun, diba? >__<

Pero nabigla talaga ako ng halikan nya ako at to tell the truth, I liked it. Pero bakit ganun? Bakit nagkakaganto ako? Bakit may nararamdaman akong ayaw kong maramdaman. AHHHH!!

Tapos... bakit nya ba ako hinalkan? Pero sabi sakin ni Steve dati na stalker ko daw yung babaeng yun... dahil sa gusto nya ako? Eh... bakit sya tumakbo pagkatapos nya akong halikan? Ehhh.... Wala na akong maintindihan.

ANG NAIS KO LANG NGAYON EH PATULUGIN NAMAN SANA AKO NG ISIPAN KO. >__<

Pasado alas dos na oh! Amfff. >__<

Gulong gulong sa kama, hindi mapakali, gulong gulong. Takip unan, tanggal unan. Baligtad ng pwesto, tatayo hihiga. Gugulong ulit. =_=

(Ringing tone: Hate that I love You by Rihanna ft Neyo)

**As much as I love you*
As much as I need you
And I can't stand you
Must everything you do make me wanna smile
*Can I not like you for awhile? (No....)**

AYY IMPAKTO!

BOOGSH

Sa bigla ko sa pagtunog ng cellphone ko ako ay nalaglag tuloy sa aking higaan. Pakshet, ang sakit ah. =__=

**But you won't let me*
You upset me girl
And then you kiss my lips
All of a sudden I forget (that I was upset)
*Can't remember what you did**

Sino naman kaya natawag? Kinuha ko yung cellphone ko sa table sa tabi ng kama ko habang hinihimas ko pa ang masakit kong pwet sa pagkakabagsak.

+6390000000 calling....

**But I hate it...*

You know exactly what to do
So that I can't stay mad at you
*For too long that's wrong**

Up until now hindi ko pa rin pala nasesave number nya sa phonebook ko but ohwell, kilalang kilala ko na yung number nya eh. Pero teka... bakit sya tumatawag ng gantong oras? 2.47am na oh! O__O

Sasagutin ko ba o hindi?

**But I hate it...*

You know exactly how to touch
So that I don't want to fuss.. and fight no more
Said I despise that I adore you

And I hate how much I love you boy (yeah...)
I can't stand how much I need you (I need you...)
And I hate how much I love you boy (oh whoa..)
But I just can't let you go

*And I hate that I love you so (oooh..)**

Eh bakit ko naman hindi sasagutin? Hala, masagot na nga!

"H-hello?" tae, nangangatal boses ko. Abnormal ko. >_<

"...."

Walang nagsasalita?

"Hello?" paguulit ko.

"**Help me...**" :"(

Huh? Teka... bakit sya umiiyak? What? Help her? Anong nangyayari? O__O

"W-wait! Bakit ka umiiyak? Saka ano ba nangyayari? Paanong i-he-help kita?" O__O

"I'm dying... help me, I don't want to die." T___T

END CALL.

Hampas sa pader

Sa sobrang bigla ko napindot ko yung "end call" tapos hinampas ko ulo ko sa pader, baka kasi nanaginip lang ako but I think hindi ako nananaginip, gising talaga ako... ansakit ng pagkakahampas ko eh. =__=

Wait! Wait! Na-end ko yung call, tatawagan ko sya! >_<

Isang ring pa lang, nasagot nya na agad.

"I'm so sorry kung naibaba ko yung call."

"W-wala yun..." malungkot yung boses nya. Naririnig ko pa syang sumisinghot, umiiyak ba sya?

"Teka... joke lang yung sinabi mo kanina diba? Yung mamamatay ka?"

"Masaya sana kung joke nga sya... pero hindi ko kayang tumawa eh kasi hindi sya joke..." :(

"Eh... wait, teka... pero anong sakit mo? I mean, mukha ka namang malusog ah? Kiti kiti ka pa ngang kumilos eh, napaka-energetic mo... paanong magkakasakit ka?" :O

Ewan ko, I feel so concerned about her.

"Basta... may sakit ako... hindi sya yung klase ng sakit na kinakain ako o pinahihina ako... hindi sya nakikita physically... yung sakit ko, bigla bigla syang pumapatay... Dun ako natatakot, kasi

hindi ko alam kung kelan ako mamamatay... hindi ko alam kung kelan nya ako kukunin... Natatakot talaga ako..." habang sinasabi nya yung mga yun, lumalakas yung hagulhol nya... halos mahirapan na nga akong macomprehend yung mga sinasabi nya

"Talaga? Hindi ko akalaing may sakit ka pala... ano ba ang sakit mo?"

"Saka mo na lang malalaman pag namatay na ako..."

"Ha? Hoy! Walang ganyanan! Wag kang mamatay!" kinikilabutan naman ako sa kanya eh. >_<

"Malapit na akong mamatay... sabi sakin ng doctor ko, palala na daw ng palala ang sakit ko... anytime, pede na akong kunin ng sakit ko... Pero bago ako kunin ng sakit ko... pede ba akong humingi ng favor sayo?"

"Eh? A-ano yun?" gulong gulo na utak ko sa mga sinabi nya. Hindi madigest ng utak ko na itong kaklase kong ito na halos hindi ko nakakausap sa classroom dahil sa takot ko sa pagiging stalker nya sakin na kamakailan lang ay naging partner ko sa isang vacation requirement ay MAY MALALANG SAKIT PALA. Ako lang ba nakakaalam sa classroom?

"Pede ka bang maging boyfriend ko bago ako mamamatay?"

AYY PAKINGSHETT.

Boyfriend nya? Hindi ko alam isasagot ko... Ayaw ko kasi hindi ko naman sya mahal... Pero parang nakokonsensya naman ako kung magiging selfish ako at hindi ko pagbibigyan ang hiling nya... paano pag namatay nga sya at hindi ko sya pinagbigyan? Hala, gagambalain ako ng konsensya ko nun habambuhay... ang malupit pa, baka gambalain din ako ng kaluluwa nya. >__<

"Teka, bakit ako? Bakit hindi na lang ibang tao? I mean... yung iba nating kaklase... bakit ako pa?"

"Dahil ikaw ang gusto ko, wala ng iba." nung sinabi nya yun, firm yung boses nya. Feeling ko parang tumagos sakin yung mga sinabi nya.

"Pero..." hindi ko na talaga alam gagawin ko... pagbibigyan ko ba ang hiling nyang maging boyfriend ako bago sya mamatay? Pagbibigyan ko ba? Hindi ko alam gagawin ko. >_<

"Pero okay lang naman kung ayaw mo... Ayoko mamilit..." haay buti naman okay lang pala sa kanya kahit tanggihan ko sya.

"Pasensya na talaga ha..."

"Pero sayang naman... gusto talaga kitang maging boyfriend bago man lang ako mamamatay... gusto ko lang naman ma-experience na mahalin ako ng taong gusto ko bago ako kunin ng sakit ko..."

TAE! BAKIT KELANGAN NYANG MAGSALITA SA GANUNG TONO? YUN BANG SOBRANG LUNGKOT NA TONO? NAKOKONSENSYA AKO MGA PARDS! SOBRANG NAKOKONSENSYA. >___<

"O sige, sige. Magiging boyfriend mo na ako bago ka man lang... uhh... mamatay..." nahihirapan akong sabihin yung "mamatay" kasi hindi pa rin ako makapaniwala na mamamatay isa sa mga kaklase ko ng ganun ganun lang...

"Talaga?" medyo nagbrighten up yung voice nya. "Payag ka ng maging boyfriend ko?"

"Ah eh," napakamot ako ng ulo ko, "Oo. Payag na ako."

"Salamat! Maraming salamat talaga," alam nyo yung boses na sobrang saya na parang maiiyak na? Yun yung tono ng boses nya habang nagpapasalamat sya. Para bang yung saya nya parang nabigyan sya ng 1million pesos.

"Wala ng bawian yan ha?"

"Oo, oo..."

"Please ask me to be your girlfriend para maging official na tayo..."

"Ha? I'll have to ask you? H-ha?"

"Eh kasi... ayokong basta bastang "tayo" na agad... gusto ko din kasi sanang ma-experience yung maligawan o i-ask out ng lalaking gusto ko pero I think that'll be too much to ask kaya naman... ang hiling ko na lang, i-ask mo na lang ako maging girlfriend mo para kahit papaano may formal na opening yung relationship natin..."

"Ah ganun ba," hindi ko talaga mapigilang mapakamot sa ulo ko. Medyo ang awkward kasi talaga ng hinihiling nya. "O sige,"

Bahala na nga, gagawin ko na lang ito para sa mabuting intensyon. Makatulong man lang ako sa kaklase kong mamamatay na, na dati ay pinandidirihan ko. Makabawi man lang ako sa mga paglayo at pandidiring pinakita ko sa kanya dati. Huminga na ako ng malalim at,

"Can you be my girlfriend?"

"Yes!"

"Ayan, tayo na...." eto na nga, naitali ko na ang sarili ko.

"HAHAHA!" nabigla ako ng bigla syang tumawa. Anong nakakatawa? O__O

"JOKE JOKE JOKE! Hindi pa ako mamamatay pero walang bawian, TAYO NA! You asked me to be your girlfriend, nag-yes ako so yeah... WE'RE OFFICIALLY A COUPLE! AYEEE!"

"H-hoy! A-ANONG SABI MO?! JOKE LANG ANG LAHAT? YUNG SAKIT, JOKE LANG? YUNG MAMAMATAY KA JOKE LANG?!" I can't believe this... I just cant. =_=

"HAHAHA! Yup! Pero don't worry, boyfriend na kita kaya PARTEYYY PARTEYY."

"Hoy gusto mo masapak?! Hindi! Hindi tayo! Pinagsasabi mo! Hindi mo ako boyfriend! Manahimik ka! Niloko mo ako! MAY SAKIT KA NGA, SAKIT SA UTAK! Malala na yan! Ipadoctor mo na, baka mamatay kang mental patient!"

"Behlat! Walang bawian! Recorded yung part na tinanong mo akong 'can you be my girlfriend'! BWAHAHA! Sige ka pag hindi ka umaktong boyfriend ko, ipagkakalat ko ito sa classroom pagkabalik natin sa school from the vacation! Haha! Don't worry, I'll just ask you na maging

boyfriend ko kahit hanggang end of the year lang! haha. Saglit lang yun kaya dali na, pagbigyan mo na ako! Pag pinagbigyan mo ako, promise walang makakaalam sa classroom ng christmas relationship natin! Pero pag hindi mo ako pinagbigyan, ipagkakalat ko talaga yung recorded voice mo. MWAHAHAHA!"

"Blackmailer." =__=

Number 8: **That girl is a deceiver.**

Asar lang. Asar lang. Asar lang.

Mag-3.30am na! Buset kang babae ka! Buset! LAKI NG SAKIT MO SA UTAK! Asar. >___<

Malapit na syang matapos. Weee! Sana magustuhan nyo magiging ending. Salamat sa mga nagsupport nito. Makakatapos na ulit ako ng short story, I'm really happy. <3

Vote, like and leave a comment.

- 9 -

She's so gullible.

xxx-xxx-xxx-xxx-xxx

"one day, everything will change. "

- Unknown

xxx-xxx-xxx-xxx-xxx

-9-

She's so gullible

"I'm here!"

"Wow! On time ka ngayon."

"Shemperds. Magpapalate sana ako ng mga 30minutes kasi nabasa ko sa internet na dapat daw ang babae nagpapalate sa date para masukat nya daw ang patience ng kadate nya."

"Ano namang mga katangahan pinagbabasa mo." =_=

"Hoho. Forum yun! Pero hindi ko sinunod kasi alam kong maiinipin ka eh."

"Buti alam mo..." =__=

"Pero hindi rin totoo yun,"

"Ang alin?"

"Yung maiinipin ka, kasi nung nanuod tayo ng sine at nagpunta tayo sa park nagawa mo akong maintay kahit sobrang late ako."

"Eh? Ginawa ko iyon?" tinuro ko sarili ko ng hintuturo ko na hindi makapaniwala at matandaan kung ginawa ko nga ba iyon.

Pero tumawa lang sya at hinigit ako sa kamay, "Tara na, mamaya dadami na ang tao at sisikip na." ^v^

Oo nga pala, dahil official 'couple' na kami ay halos araw araw nya akong niyayang lumabas na lagi nyang tinatawag na 'date'. Blackmailer itong babaeng ito, ayaw kong makarating sa klase yung recorded voice ko. Ang hirap pa man din ideny yun kung boses na boses ko ang nakarecord. Kaya no choice ako kundi pumayag na maging 'christmas boyfriend' nya. Hanggang new year daw. Pakshet na holiday yan oh, nagkainstant baliw na girlfriend. Great, just great. ~__ ~

December 24 na ngayon at sobrang dami ng tao kasi "last minute" hour na ng pagbili ng mga regalo para sa pasko bukas. Pakshet, ayaw ko man din maglakad sa lugar na matatao, halo halo kasi mga amoy. ~__~

"Dyan ka lang sa labas ok? Wag kang papasok." paguutos nya sakin nung nasa tapat na kami ng isang home materials shop, "Bibili ako ng panregalo ko sayo bukas kaya dyan ka lang ok? Saglit lang ako. Wait ka lang dyan."

"O sige na, sige na. Bilisan mo ha!"

"Roger!" nakangiting sumaludo sya sakin at pumasok na ng shop.

Naiwan ako sa labas kaya sumandal na lang ako sa pader malapit sa pinto, nakataas at nakasandal ang isang paa ko sa may pader at sinalpak ko ang headset ng cellphone ko sa tenga ko at binalik ang mga kamay ko sa aking bulsa pagkatapos.

NP: Hate that I love You by Rihanna ft. Neyo

**As much as I love you*

As much as I need you
And I cant stand you
Must everything you do make me wanna smile
*Can I not like you for awhile? (No....) **

Pinapanuod ko lang ang mga taong dumadaan habang nagaantay. Ano naman kasi bibilhin nung babaeng iyon at bawal pa akong sumama sa loob? Regalo daw para sakin? Seesh. Sa may isang home material shop nabili? Ano naman kaya ireregalo nun, sinulid? Gunting? Lutuan? Psh. Ewan ko ba dun, napakaweirdo.

**You wont let me*

You upset me girl
And then you kiss my lips
All of a sudden I forgive (that I was upset)

*Can't remember what you did **

Nakow, sigurado maga-ask din yun ng regalo para bukas. Ano naman ibibigay ko sa kanya? Psh, bahala na si batman. =__=

**But I hate...*

You know exactly what to do
So that I cant stay mad at you
*For too long thats wrong **

"oh no!" mula sa gilid ko may narinig akong babaeng parang nalaglagan ng mga gamit.

Nung tignan ko, nakita kong nakayuko sya at pinupulot yung mga nalaglag nyang gamit. Sa sobrang dami ng tao, may nakabangga siguro sa kanya at hindi man lang sya tinulungang pulutin ang mga gamit nitong babae. Mga bastos nga naman.

**But I hate...*

You know exactly how to touch
So that I dont want to fuss.. and fight no more
*Said I despise that i adore you **

Lumuhod na lang ako para tulungan ang babae sa pagpulot ng mga gamit nya.

"Naku, thank you." pagkasabi nya nun parang nabosesan ko sya kaya naman sinilip ko kung sino sya.

**and i hate how much i love you boy (yeah...)*

I cant stand how much I need you (I need you...)
And I hate how much I love you boy (oooh whoa..)

But I just cant let you go

*And I hate that I love you so (oooh..) **

Tinanggal ko ang headset sa tenga ko.

"Maxene?" pagkabanggit ko ng pangalan nya ay inangat nya ang ulo nya at ngayon nya rin lang napagtanto kung sino ako.

"Uy, ikaw pala!" nakangiti nyang bati.

"Hehe. Kamusta?" pagtatanong ko dito habang inaabot ang gamit nya at tumatayo na.

"Ayos lang naman, ikaw ba?"

"Ayos lang din. Advance merry christmas pala."

"Sayo din. Ah oo nga pala," may kinuha syang envelope at inabot sakin, "Invitation. May christmas party bukas sa may Yoki bar, 8:30pm. Sana makapunta ka, aasahan kita ah?"

"8:30, bukas?"

"Yup, may problem ba? Hindi ka ba makakapunta?"

"Eh kasi..." hindi ko pa natatapos ang sasabihin ko ng magsalita syang muli.

"Eto na siguro yung sign na hinihingi ko."

"Ha? Anong sign?"

"Sabi ko sa sarili ko, pag sa araw na ito na sobrang daming tao ay makikita kita... Pagiisipan kong mabuti kung pede pa ba nating ibalik yung dati... Kung may 2nd chance pa..."

Nabigla ako sa mga sinabi nya... Si Maxene ay ex-girlfriend ko, we broke up 5months ago. Sya yung nakipagbreak sakin dahil ayaw nya na daw, nasasakal daw sya sakin. Pagkatapos nun, hindi na ulit kami nagkita o kaya nakapagusap. Nakamove on nanaman ako pero ng muli ko

syang makita ngayon... Hindi ko maitatanggi sa sarili ko na kahit konti ay may nararamdaman pa rin ako para sa kanya...

"Makakapunta ka ba bukas?" tinignan nya ako sa mga mata ko na parang nagmamakaawa. Matatanggihan ko ba ang ganyang mga mata?

"Oo, maasahan mo ako." i know, i promised to *that girl* na we would spend christmas tomorrow at 8pm... Pero, I just can't let go of this chance baka pagsisihan ko, di bale ng sumira ng pangako kesa pakawalan ko ang chance na binibigay sakin...

"Thank you." napakaganda nya talaga pag ngumingiti.

"Here I am!" nabigla naman ako ng biglang lumabas ng pinto ang babaeng yun at kumapit sa aking braso, "LSS, *sino sya*?"

Naguluhan si Maxene sa pagsulpot nitong babaeng 'to sa tabi ko.

"Ano... Sya ba ay--" hindi ko na pinatapos si Maxene dahil ayaw kong ma-misunderstand nya ang situation.

"Classmate ko, classmate ko sya. Basta maasahan mo ako, dadating ako. Sige, aalis na ako," hinila ko na itong babaeng ito na nakapulupot sa braso ko habang nagpapaalam kay Maxene, "Kita na lang tayo. Pupunta ako, pangako."

Nagwave lang sya ng kamay nya.

"Lss, sino sya?" hindi ko sya sinagot at nagpatuloy sa paglalakad.

"Uy, sino sya?" ignore.

"Uy uy, sino sya?" kinukulbit nya pa ako but i just keep on ignoring her question.

"Hello! Earth to Lss labidoo christmas boyfriend!"

"Oh ano?!" medyo naiinis na sabi ko sa kanya.

Nagpout sya, "Pansinin mo naman kasi ako, kanina ko pa tinatanong kung sino sya eh."

"**Kakilala ko**! Ayan, masaya ka na?!" binelatan nya lang ako bilang tugon.

xxx-xxx

1msg received.

From: bebi

Merry christmas!

Umagang umaga tinext nya na agad ako. Hey, hey, hindi ako naglagay nyan sa phonebook ko. Sya nagsave ng number nya sa phonebook ko at naglagay ng name na yan, "bebi" <--- psh, nakakasuka. I wont dare to call her that, NEVER. =_=

Pero paano ba ako makakalusot sa kanya? I mean paano ako makakatakas sa usapan namin mamamaya? I need to go to that christmas party with Maxene... baka magkaroon ng chance ulit yung nasirang relationship namin. Pero... parang nakokonsensya naman ako kung hindi ko sisiputin yung baliw na babaeng iyon... ahhh. Ex-girlfriend or christmas crazy girlfriend? AHHH! I'll choose my ex-girlfriend! WALA NA AKONG PAKELAM SA KONSENSYA KO, pasensya na po Lord kung magsisinungaling ako kahit christmas na christmas. >__<

Type. Type.

To: Bebi

Today, my parents are returning. Susunduin ko sila sa airport ng mga 6pm at baka magdinner na rin kami together. I'm really sorry, I can't meet you today. Babawi na lang ako bukas, merry christmas.

Message sent.

toot toot

1msg received.

From: Bebi

Ok.

That's all? She actually believed it? Without even questioning me and stuff? I mean... how can she be this gullible?

Number#9: **She's so gullible.**

Sobrang naguguilty ako lalo na pag isang 'ok' lang ang sagot nya, para kasing pinagkakatiwalaan nya talaga ako kaya 'ok' lang yung sinend nya at hindi na sya nagtanong pa ng kung anu ano.

I know this is wrong. Paskong pasko, sarili ko pa rin ang iniisip ko.

xxx-xxx-xxx

< **that girl's POV** >

December 24.

"Thank you ma'am, please come again."

"Thank you din po! Merry christmas na din po!" nakangiting inabot ko yung nabili ko sa counter. Ansaya saya ko at nabili ko na rin yung pang-christmas gift ko kay LSS. <3

Naku, mabuti pang lumabas na ako baka naiinip na sya sa pagiintay. Mainipin pa man din yung isang yun but I really like him kahit ganun sya. :"3

"Sayo din. Ah oo nga pala....Invitation. May christmas party bukas sa may Yoki bar, 8:30pm. Sana makapunta ka, aasahan kita ah?" napatigil ako ng may marinig akong boses ng babae sa may pinto, nakita kong kausap nito si LSS. Nagtago muna ako sa likod ng pinto para mapakinggan sila. Ewan ko ba kung bakit ako nagtago pero hindi ko kasi feel na magpakita agad sa kanya... parang gusto pakinggan yung pinaguusapan nila... >__<

"8:30, bukas?" 8.30pm? bukas? Bakit sya binigyan ng invitation nung babae? May usapan kami bukas ng 8pm! >__<

"Yup, may problem ba? Hindi ka ba makakapunta?" hindi sya makakapunta kasi may usapan kami! WAG MO NGA SYANG KULITIN! >__<

"Eh kasi..."

"Eto na siguro yung sign na hinihingi ko."

"Ha? Anong sign?" oo nga, anong sign? wala akong maintindihan. >_<

"Sabi ko sa sarili ko, pag sa araw na ito na sobrang daming tao ay makikita kita... Pagiisipan kong mabuti kung pede pa ba nating ibalik yung dati... Kung may 2nd chance pa..."

2nd chance? Ibalik ang dati? Ang alin? Wala na talaga ako maintindihan. Sino ba itong girlalush na ito na kumakausap sa boyfriend ko? T__T

"Makakapunta ka ba bukas?" hindi sya makakapunta, PERIOD! Layas girl, LAYAS! >__<

"Oo, maasahan mo ako." sabi ko sayo hindi sya makakapu--- WHAT?! Bakit sya sumangayon? Edi ba may usapan nga kami? Di ba may usapan kami? Diba? T___T

"Thank you." I hate you LSS! I hate you. T__T

"Here I am!" hindi ko na napigilan ang sarili ko na makinig lang kaya lumabas na ako at yumakap agad sa braso ni LSS, like a sign sa girl na ito na 'STAY AWAY, HE'S MINE'. >__<

"LSS, *sino sya*?"

"Ano... Sya ba ay--" hindi pa nakakatapos magsalita yung girl ng pinutol sya ni LSS.

"Classmate ko, classmate ko sya. Basta maasahan mo ako, dadating ako. Sige, aalis na ako," what? Classmate lang? GIRLFRIEND MO AKO! GIRLFRIEND MO! >__< Pero hindi na ako naka-angal kasi hinila nya na agad ako palayo, "Kita na lang tayo. Pupunta ako, pangako."

Pupunta sya? PANGAKO? Paano yung pangako mo sakin? Diba nangako ka din sakin na pupunta ka bukas? Na sabay tayong magcecelebrate ng christmas eve? Anong pangako ba ang tutuparin mo? Yung pangako mo sakin o yung pangako mo sa kanya? :(

December 25.

From: LSS my love. <3

Today, my parents are returning. Susunduin ko sila sa airport ng mga 6pm at baka magdinner na rin kami together. I'm really sorry, I can't meet you today. Babawi na lang ako bukas, merry christmas.

Click reply button. Type.

To: LSS my love. <3

Ok.

Sinungaling ka, LSS. </3

- 10-

She's afraid of explosions

xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx

"To love is not to find the right person, but to be the right person to love."

- anonymous

xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx

NP: All I want for christmas is you by Mariah Carey

**I don't want a lot for Christmas*

There's just one thing I need

I don't care about the presents

Underneath the Christmas tree

I just want you for my own

More than you could ever know

Make my wish come true

All I want for Christmas is...

*You **

"Kamusta na brad?"

"Woah! Long time no see!"

Pagkapasok ko ng Yoki bar, andaming bumati sakin na mga kakilala ko... Mga kaibigan ni Maxene na nakakausap at nakakasama ko dati nung kami pa. Pero hindi ko na sila nakita pa ulit nung magbreak kami ni Maxene. Glad to see these guys again.

**I don't want a lot for Christmas*

There's just one thing I need

I don't care about the presents

Underneath the Christmas tree

I don't need to hang my stocking

There upon the fireplace

Santa Claus won't make me happy

With a toy on Christmas day

I just want you for my own

More than you could ever know

Make my wish come true

All I want for Christmas is you

*You baby **

"You came!" sinalubong ako ni Maxene na naka red skirt at red na t-shirt na may nakasulat na 'merry christmas', nakapig tail ang mahaba nyang buhok. She looks so cute sa kanyang outfit.

"Halika, magsisimula na ang party," hinila nya na ako sa kamay.

May mga party games at madalas kami ang partner ni Maxene, natukso pa nga kami nung apple eating game na dahil halos magkahalikan na kami. May nagpatugtog pa nga ng 'muling ibalik'. Nagenjoy naman ako sa party kaya nga hindi ko namalayan na 10.30 na pala ng matapos ang party.

Sabay kaming lumabas ni Maxene, at nagusap habang naglalakad.

"Yeah... About sa atin..." bigla nyang ini-open ang topic na iyon. Nakaramdam naman agad ako ng kaba.

"I'm sorry kung nakipaghiwalay ako sayo dati... Dapat pala cool off lang ang ini-ask ko sayo kasi alam mo ba nung nawala ka, sobrang namiss ko ang presence mo. Gustong gusto kitang balikan noon pero lagi na lang akong nawawalan ng lakas ng loob..."

"Uy ikaw pala, bakit magisa ka lang ngayon?" nadistract ako sa pakikinig kay Maxene ng may marinig akong pamilyar na boses sa hindi kalayuan.

"Pero yung kahapon nga..." salita ng salita si Maxene pero half listening lang ako dahil hinahanap ko yung pamilyar na boses.

"Asan yung boyfriend mo? Yung maangas na kasama mo sa park?"

"Wala sya..." **that girl'**s voice!

"Break na kayo noh? Sabi ko na eh gago yun eh. Akalain mo ba naman, iniwan ang isang magandang dilag na tulad mo sa araw ng pasko? Sayang naman mag-isa ka lang."

Sa palinga linga ko, nakita ko rin sila sa may tapat ng fountain. Kausap ng babaeng iyon yung sira ulong manyakis sa may park.

"Gusto mo samahan kita? Para naman hindi malamig ang pasko mo." nakangising inakbayan sya nung manyak na iyon. "Kung maaari lang naman, bigyan natin ng pangalawang pagkakataon yung relasyon nating dalwa?"

"Wag ka sumama!" napasabi ko habang pinagmamasdan ko pa rin yung manyak na nakaakbay sa babaeng yun.

"Eh? Ano?" bigla naman akong natauhan ng marinig ko si Maxene.

"ha?" yun lang naitanong ko. Nakalimutan ko ang presensya ni Maxene simula ng makita kong kausap ng manyak yung babaeng iyon.

"Ha? Ano yung sinasabi mo? Yung wag sumama? Ano yun?"

"Ha? Ano... Eh... May sinasabi ka ba kanina?" medyo naguguluhan tuloy ako.

"Hindi ka naman nakikinig sakin eh!"

"Hala... Eh kasi... Ano... Eh..."

"Bitawan mo nga ako, ayoko sumama." nadistract nanaman ako ng marinig ko yung boses ng babaeng iyon.

"Sus ang arte naman nito, dali na, sumama ka na."

"Ayoko nga kasi," pinipilit nyang tanggalin ang pagkakaakbay ng manyak sa kanya.

"Uy! Ano na? Bakit ba parang wala ka sa sarili mo?" naguguluhan na ako.

"Oh! Tignan mo nga naman," things couldnt be worse than this. Dahil hindi kami kalayuan sa kanila ay nakita ako nung manyak at itinuro ako kaya naman napatingin sakin yung babaeng iyon.

Nagkatinginan kami, parehas kaming nabigla ng magsalubong mga mata namin.

"Diba sya yung maangas na kasama mo nun sa park? Aba, aba! May kasamang ibang babae? Iniwan ka miss?"

"Let me exp--" hindi pa ako tapos magsalita ng putulin nya ako.

"No, *it's not him*."

"Eh? Papaano? Eh kamukhang kamukha nya eh!"

What are you saying? Hey, it's me.

"Hindi sya yan! Hindi sya ang Lss ko! Ang lss ko ay nasa airport, sinundo ang parents nya! Ang lss ko kasama nang nagdidinner ang parents nya! Ang lss ko wala dito! **Wala sya dito**..." diretso lang ang tingin nya sa mga mata ko habang sinasabi ang mga iyon.

"Sure ka ba? Ayan sya oh, nasa harap mo unless kakambal nya yan? Kung meron man syang kakambal. Haha!"

"Hindi ko alam... Baka kamukha nya lang, may tiwala ako sa lss ko... Hindi sya sinungaling..." sobrang lungkot ng mukha nya.

Bakit? Bakit ganyan ka magsalita? Sobrang nakokonsensya ako at... Wag mo ipakita sakin na ini-endure mo ang sakit dahil pag nakikita kitang ganyan... Nakakaramdam ako ng sakit...

All of a sudden, I felt like asking apology and hug you...

"What's happening?" pagtatanong ni Maxene na kasalukuyang gulong gulo sa sitwasyon.

"Tara na, sasama ako sayo."

"Nice! That's more I like it."

No, no... Don't go with him... Please, don't.

"Hey, whats going on?!" hinawakan ako sa braso ni Maxene at iniharap sa kanya.

Dahil sa frustration, naisuklay ko ang mga daliri ko sa aking buhok, "Look, Maxene. I've missed the real chance. I'm sorry, I can't go out with you anymore... I already have a girlfriend. I'm really sorry,"

Niyakap ko si Maxene, "Merry christmas."

At tumakbo na ako paalis pagkatapos, hinahabol sya.

Antanga ko, bakit iniwan kita? Wag kang sumama sa kanya, please. Hindi na kita iiwan pangako...

"Hey!" sa wakas naabutan ko rin sila. Hinawakan ko kaagad sya sa braso nya para tumigil sya sa paglalakad at humarap sakin.

"Hoy! Ikaw nanaman!" sigaw sakin nung manyak pero hindi ko sya pinansin.

"Bebi," tinitigan ko sya sa mga mata nya, *"Tara na?"*

Nabigla sya sakin at hindi agad nakasalita.

"Hoy, hoy," biglang umalis sa pagkakaakbay sa kanya yung manyak at humarang samin, tinanggal nya ang pagkakahawak ko sa braso ng babaeng iyon at maangas na sinabi, "WALANG AGAWAN HA?!"

Tinulak ko ito sa dibdib, "Talagang walang agawan, dahil akin sya."

"Kapal mo ah?" tinulak nya ako pabalik, "Akala mo kung sino ka?! Iniwan ka na brad, tanggapin mo na lang."

"Hindi nya ako iniwan... ako yung nang-iwan," nakayuko kong sabi, "At pinagsisisihan ko iyon."

"ALAM MO NAKAKAASAR KA TALAGA." nabigla ako ng kwelyuhan nya ako at sinuntok ng malakas, "Pambawi sa suntok mo sakin dati."

Hindi pa ako nakakabawi mula sa unang suntok nya ay nilapitan nya na ako para sundan pa ulit ng isang suntok sa aking sikmura, "Ito pa!"

"H-hey! Stop it!" that girl pushes him away from me.

"Umalis ka dyan!" hinawakan nya lang sa braso ang babaeng iyon at hinigit palayo sakin para muling suntukin ako.

Bumalik ulit yung babaeng yun and this time sinusuntok nya ang likod ng manyakis na ito, "Bitawan mo sya! Wag mo syang saktan!"

"Ang kulit mo ha!" hinarap sya nung manyakis at hinawakan sa magkabilang braso.

Nakita kong umiiyak na sya, "Please stop it, don't hurt him."

"ANDRAMA MO! MAY PAIYAK IYAK KA PA!" at pagkasabi nya nun ay sinampal nya ng malakas ang babaeng iyon dahilan para mapaupo sya sa sahig.

"Now back to business," humarap ulit sya sakin ng nakangisi at kinwelyuhan ulit ako.

Nakayuko lang ako pero galit na galit na ako sa ginawa nya, "Nasaktan ko nga nga sya, SINAKTAN MO PA SYA LALO?! How dare you!"

"Aba nakakapagsalita ka pa!" susuntukin nya sana ako sa mukha pero iniangat ko ang ulo ko at pinigilan ang kamao nya gamit ng isa kong kamay.

"Once you hurt her, you're dead." yung nahawakan kong kamao nya, iniikot ko ito para mamilipit sya sa sakit. Sinuntok ko rin sya sa sikmura nya at inihagis ng pabaliktad sa sahig. Nung nakalupasay na sya sa sahig, sinipa ko pa sya sa tyan nya.

Pero hindi pa ako nakuntento, yumuko ako at iniangat sya sa paghawak sa kwelyo nya at susuntukin ko pa lang ulit sana sya ng maramdaman kong may humawak sa kamay ko.

"Tama na please..." napatingin ako sa kanya na kasalukuyang umiiyak ng sobra. Napabitaw agad ako dun sa lalaking manyak at hinawakan sya sa kamay at hinila na sya palayo sa lugar na iyon.

Dinala ko sya sa bahay ko... ewan ko ba kung saan ko sya pedeng dalhin kaya in the end, nakapagdecide akong dalhin sya sa bahay ko. Sumakay kami ng tricycle at walang umiimik miski isa.

Pagkapasok na pagkapasok ng bahay ko, pumunta agad ako ng banyo at kumuha ng bimpo at binasa ito ng konti at bumalik ulit sa kanya na kasalukuyang nakatayo sa may sala at nakayuko lamang.

"Ayos ka lang ba?" tinaas ko ang mukha nya, hinawakan ko ang magkabilang pisngi nya at pinunasan ng basang bimpo ang pisngi nya na kanina ay nasampal ng malakas, "Masakit ba? Masakit pa ba? Sabihin mo sakin."

Sumagot sya pero umiyak muli sya, "Masakit..."

"Saan? Saan masakit? Dito ba?" pinahid ko ng maingat ang bimpo sa isang parte ng pisngi nya, "O dito ba? Saan sabihin mo sakin? Dito? Dito?"

"Hindi dyan," tinanggal nya ang kamay ko sa mukha nya at pinatong ito sa kaliwang dibdib nya, **"Dito."**

Hindi ako nakaimik.

"Ansakit... kahit napilitan ka lang, nangako ka pa rin sakin. Pinangako mo sakin na sabay nating icecelebrate ang pasko kaya nga diba christmas boyfriend kita? Kahit napalitan ka lang, kahit binablackmail lang kita... nangako ka pa rin. Yung pangangako mo, hindi ko pinilit yun. Ikaw mismo ang nagbigkas ng salitang 'pangako'. Pero bakit hindi mo tinupad? Bakit ka nagsinungaling? Bakit mo ako niloko?" binitawan nya ang kamay ko at tinakpan nya ang mukha nya ng mga kamay nya habang patuloy pa ring umiiyak, "Pasensya na kung masyadong mabigat yung hiling ko sayong maging boyfriend ko ngayong pasko. Pasensya na talaga... sinira ko ata ang pasko mo. Kung wala siguro ako ngayon, ibang tao ang kasama mo... siguro yung babae kanina ang dapat nasa harap mo ngayon at kausap mo. Hindi siguro dapat ako. Pasensya na ah kung dumating ako sa buhay mo, nagulo ko tuloy ang masaya mo sanang pasko..." :'((

Marami akong gustong sabihin. Marami akong gustong ipaliwanag. Marami akong gustong ihingi ng tawad. Marami akong gustong ipaalam sa kanya.

Pero naisip ko, minsan ang salita mas lalong pinagugulo ang sitwasyon kaya naman...

Hinawakan ko ang mga kamay nya na nakatakip sa kanyang mga mukha, dahan dahan ko itong inalis palayo sa mukha nya at nilapit ko ang mukha ko sa kanya at hinalikan ko sya.

"Merry Christmas, bebi."

Baliw na rin siguro ako at nagkagusto ako sa baliw na babaeng ito.

xxx-xxx-xxx-xxx

Pagkatapos ng pangyayaring iyon, nagkaintindihan na kaming dalwa. Bumalik naman kami sa dati, yun bang makulit at baliw pa rin sya tapos maaasar ako sa kanya. Pinipilit nya ako parating tawagin syang "bebi" dahil nung pasko tinawag ko syang ganun pero syempre hindi ko na ulit sya tinatawag na ganun. Hindi sa ayaw ko pero inaatake ako ng hiya kasi naman diba, yung babaeng lagi mong sinisigawan at sinusupladuhan bigla mong tatawagin sa isang endearment? Ehhh... >__<

Kami naman ni Maxene, ayun siguro ayos na kami. Tinawagan ko sya at ini-explain ko ang lahat sa kanya... move-on na pala talaga ako pero nung araw na makita ko sya, siguro nabigla lang talaga ako sa muling pagsulpot nya sa buhay ko kaya naman siguro naguluhan ako nung araw na iyon at nagpadalos dalos ako sa sitwasyon na mas piliin sya kesa sa babaeng *'iyon'.* Pero hindi ko na ulit gagawin ang pagkakamaling iyon lalo na ngayong nalaman ko kung gaano pala kaimportante sakin ang babaeng ito... nakakatuwang isipin na noon, diring diri ako sa kanya kasi mistulang stalker sya at hindi ko talaga type ang ugali nya pero dahil sa requirement na ito, kahit papaano nagkasama kami at nakilala ko sya kahit sa maikling panahon... at sa maikling panahon na iyon, nagustuhan ko sya. Ngayong narealise ko na ang nararamdaman ko, feeling ko hindi na ako binablackmail ngayon kasi 'more than willing' na akong maging boyfriend nya.

Hindi pa ako masyadong handa pero sa tingin ko, pagbalik namin sa school at natapos na itong requirement na ito, saka ako magtatapat ng ayos sa kanya para mapagpatuloy namin ang relasyon naming ito...

Nung christmas pala, binigyan nya ako ng isang stufftoy image ko. Kahit pala kasi sinabi ko sa kanya sa text na hindi ako makakasipot ay nagintay pa rin sya sakin kaya pala andun sya sa fountain noon. Umaasa sya noon na sisiputin ko pa rin sya. Mas lalo tuloy akong nakonsensya pero nagsorry na talaga ako sa kanya at pinatawad nya na ako.

Alam ko na pala kung bakit sa isang home material shop sya bumili... bumili kasi sya dun ng mga materials para makapagtahi at makagawa ng stufftoy na kamukha ko. Hindi ako mahilig sa stufftoy 'coz I think it's so gay pero nung binigay nya sakin ito, sobrang nakyootan ako at katabi ko na rin ito sa pagtulog --- katabi namin pagtulog.

Ah oo nga pala, nung pasko ng gabi, pagkatapos ko syang halikan at pagkatapos namin mapagusapan ang mga bagay bagay. Naglabas ako ng kutson, ng kumot at mga unan sa may terrace ng bahay ko... Oo, nahiga kaming parehas sa kutson na iyon, magkatabi naming pinapanuod ang mabituin na langit hanggang sa nakatulog na kaming magkatabi... parehas naming yakap ang regalo nya saking stufftoy.

Yung regalo ko sa kanya? **Pagmamahal**.

December 31.

Napagusapan namin icelebrate ng sabay ang New Year's Eve. This time, hindi ko sya lolokohin at iiwan.

"Andaming tao." she exclaimed.

Inakbayan ko sya, "Sa sobrang dami ng tao, natutuwa ako kasi ikaw ang katabi ko ngayon."

"Sows. Tawagin mo muna akong 'bebi'."

"Wag na kasi iyon." =_= ang kulit nya talaga, type na type nyang tawagin ko syang 'bebi'. =_=

Nasa may town plaza kami, may fireworks display kasi mamaya pagpatak ng midnight. Andami tuloy tao ngayon sa paligid. Saglit na lang naman eh, malapit ng magbagong taon. 1minute na lang. Nagka-countdown na nga eh.

50...49...48

"Excited ka na ba sa fireworks?"

"Ha? Medyo..."

33...32...31....

"Medyo? Bakit medyo lang?"

"May sasabihin ako sayo..." hinigit nya yung sleeve ng shirt ko na para bang pinababa ako para maabot nya ang tenga ko. Bumaba naman ako at nilagay nya kamay nya sa paligid ng tenga ko at bumulong, "Natatakot ako sa fireworks."

20...19...18...

"Ha? Bakit takot ka? Maganda naman sila ah."

"Oo, maganda sila... pero katulad ng kidlat na may kasabay na kulog.... nakakatakot sila." oo nga pala, takot din sya sa kidlat at kulog, "Takot ako sa malalakas na tunog... let's say, i'm afraid of explosions."

14...13...12...

"Bakit naman? Masyado ba silang malakas?"

"Nope pero... everytime I hear explosions it makes me remember something..."

"Ano iyon?"

"It makes me remember that a sudden explosion is also the one that will take me away..."

Hindi ko narinig yung huli nyang sinabi dahil umabot na sa "last 10" ang countdown at dahil dun mas lalong lumakas ang boses ng crowd.

Ang narinig ko lang sa kanya ay ganto, "Remember... explosion... away..."

"Eh? Ano yon? Hindi ko narinig?" nakasigaw kong tanong dahil sobrang lakas na ng boses ng crowd.

8! 7! 6!

"My heart is about to explode and when it does, I'll have to say goodbye!" ang hina ng boses nya hindi ko talaga marinig. Piece by piece lang narininig ko...

Ito yung narinig ko sa kanya ---> "about to... does... goodbye..."

Bakit may goodbye? Huh? Hindi ko magets. >__<

"HINDI KO MARINIG LAKSAN MO BOSES MO!" nakasigaw na talaga ako kasi nakasigaw na rin ang crowd sa countdown.

Nilagay nya ang kamay nya sa may paligid ng bibig nya at sumigaw, "May Atrial fibrillation ako!"

"Ha? Ano yun?"

4! 3! 2!

"Isa syang---" hindi pa man nya natatapos ang explanation nya ay...

1! HAPPY NEW YEAR!!!

Nagkaroon ng malakas na ingay mula sa mga tao at higit sa lahat mula sa langit na ngayon ay punong puno na ng mga paputok. Napatingin agad ako sa kanya na sa kasalukuyang nakatungo at nakatakip ang mga tenga, takot na takot sya.

Niyakap ko agad sya, "Bakit hindi mo agad sinabi sakin na takot ka sa fireworks? Edi sana hindi na tayo lumabas!"

"Gusto ko kasi kasama kita... gusto ko matry mapanuod ang fireworks kasama yung boyfriend ko katulad ng mga napapanuod ko sa anime..."

Pinukpok ko ang noo nya ng mahina, "Ikaw talaga."

Tinanggal ko yung mga kamay nya na nakatakip sa tenga nya at pinaltan ko ito ng mga kamay ko, habang tinatakpan ko ang tenga nya ng mga kamay ko ay nilapit ko ang mukha ko sa kanya, "Happy new year, bebi."

Hinalikan ko sya. Hindi ko sya binitawan hangga't hindi natatapos ang mga paputok. Gusto ko makalimutan nya ang ingay at ang takot nya sa paputok habang hinahalikan ko sya. Gusto kong hindi sya makaramdam ng takot pag nasa tabi nya ako. Gusto ko iparamdam sa kanya ang nararamdaman ko ngayon...

Sana wag syang matakot sa malakas na pagsabog ng puso ko.

"Mahal na ata kita." binitawan ko na sya ng matapos ang mga paputok.

"Ako din, mahal din kita." sa hindi ko malamang dahilan, *bigla syang umiyak.*

A/N: ito na po yung last chapter. I'll post the epilogue tomorrow.

Vote at magcomment po kayo sa last chapter. :"3

Epilogue: 10 things about you & 1thing about me

(Part 1)

That Girl: Me & You. ♥

...ends here.

xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx

"Gravitation is not responsible for people falling in love. "
- Albert Einstein

xxx-xxx-xxx-xxx-xxx-xxx

January 04.

4days na ang nakakaraan since last ko syang nakausap at nakita. Pagkatapos kasi ng New Year's celebration, patay na yung cellphone nya at wala na akong balita sa kanya. Hindi na rin sya nagpakita sakin, I absolutely do not have any idea what happened to her.

Back to school na ulit, excited akong pumasok hoping na makikita ko sya ngayon para matanong ko kung bakit hindi sya nagparamdam these past few days. Saka gusto ko na rin linawin sa kanya yung relationship namin, I mean tapos na yung Christmas and I do not want to stay as her "Christmas boyfriend", I want to be her "forever boyfriend". Seryoso ako, kung ayaw nya man, liligawan ko sya hanggang sa maging "kami" na talaga for reals at hindi dahil lang sa blackmail or whatsoever. Gusto ko rin syang ipakilala sa mga kaibigan ko at i-announce sa klase na girlfriend ko sya, sigurado mabibigla si Steve pag nalaman yun. Aasarin ako nun at sasabihing, "Nagayuma ka na ata ng stalker mo."

Haha. Nagayuma man o hindi, wala akong pakelam... eto na yan eh, tumitibok na eh. I maybe under her spell but I won't ask for any antidote, I don't want to escape from this spell.

"Oy pre! Woo! Happy new year!" pagkapasok na pagkapasok ko ng classroom sinalubong agad ako ni Steve.

"Yeboi! Kamusta? Woo!" sinundan pa ng isang kaklase ko na inakbayan ako at ginulo ang buhok ko.

Total chaos sa loob ng classroom syempre excited kasi ang lahat sa bawat isa, maraming kwento dahil sa nagdaang bakasyon. Sobrang ingay at tumahimik lang ito ng dumating na yung teacher namin pero nagpatuloy pa rin ang kwentuhan dahil nagpakwento si maam.

Pero teka... may isang bagay akong kanina pang napapansin... where's that girl? Iniikot ko na ang paningin ko sa buong classroom pero wala sya at nung nagroll call para sa attendance... absent.

Nalungkot ako dahil wala sya. Tinanong ko yung ilan sa mga kaibigan nya pero ang sabi nila, wala daw silang balita, hindi daw kasi nagpaparamdam. Natapos yung klase ng wala sya. Ipinass na nga namin yung requirement namin sa moral studies, yung 10things about your seatmate and 1thing about me requirement. Asan ba kasi sya? :(

Lunchbreak na nun eh, kasabay kong maglunch sina Steve ng biglang tumunog yung cellphone ko.

bebi calling...

Sa sobrang bigla ko sa tumatawag eh naibuga ko pa yung kinakain ko kaya naman nagtaka sina Steve, "O pre anong nangyari? Sino tumatawag?"

"Teka lang, sagutin ko lang ito. Importante." lumayo ako sa table nila at pumunta sa isang sulok ng canteen para sagutin ang tawag nya.

"Uy anong nangyari sayo? Bakit ngayon ka lang tumawag? Bakit hindi ka na nagparamdam pagkatapos ng new year? Bakit wala ka ngayon? Bakit ka absent? Ba---"

"Sshhh. Pede humingi ng favor?"

"Ha?"

"Promise me, you'll do this favor." seryoso yung tono ng boses nya.

"Teka anong nangyayari... saka anong favor?"

"Promise me... please."

"Sige, promise. Ano bang favor yan?"

"Simple lang... sa phone call na ito, hindi ka iimik --- ako lang iimik hanggang sa mag-end ang call."

"Eh? Ano? Bakit?"

"Nagpromise ka... please just do the favor."

"S-sige."

Bago sya muling nagsalita eh nakaranig ako ng malalim na paghinga, "Ten things about the guy sitting next to me..."

10things? Hindi ba ito yung requirement namin sa moral study?

"**Number 1. That guy is hot tempered.**" ako ba tinutukoy nya? Malamang ako kasi ako seatmate nya noon at kami ang magkapartner sa requirement na ito! Pero why all of a sudden sinasabi nya itong requirement list sakin?

"First time kong tawagan sya sa number nya, dati pa akong may number nya eh kasi matagal ko na syang crush simula pa lang nung 1st year kami lagi ko na syang pinagmamasdan sa malayo. Hindi nya naman ako napapansin eh, para sa kanya isa lang ako sa mga kaklase nya ni hindi kami naging close kaya nakuntento na lang ako sa pagiging stalker. haha!" bigla syang tumawa ng mapait, "Nakakatawa naman kasi kababaeng tao ko, napakastalker ko. Pero totoo nyan, natuwa talaga ako nung nakatabi ko sya nung araw na iyon kasi yung mismong araw na iyon, nagbigay ng requirement ang teacher namin at yung requirement na yun ay may partnership between seatmates. Sabi ko sa sarili ko, *ito na siguro yung chance na hinihingi ko kay God?* Kaya naman hindi na ako nag-aksaya pa, nilakasan ko na ang loob ko at tinawagan sya. Nung nakasagot sya, inis na inis pa sya sakin kasi sino nga ba namang hindi maiinis sakin kung tumawag ako ng maraming beses para lang itanong kung ano ang nauna sa itlog at manok... pero actually, hindi naman dapat yun yung sasabihin ko pero dahil nga sa kaba ko dahil for the first time natawagan ko yung taong matagal ko ng gusto, ayun na lang ang lumabas sa bibig ko...Napakamainitin ng ulo nya at ang supla-suplado, saksakan pa ng taray pero kahit ganun yun, hindi ako naturn off sa kanya kahit kelan."

"Uy an--"

"Shhh. Promise mo..." tinikom ko na ulit ang bibig ko kahit andami kong gustong itanong pero nangako ako sa kanya... Pero bakit nya ba kasi sinasabi ang lahat ng ito? Parang may masama akong pakiramdam sa nangyayari...

"Number 2, that guy has a good voice. Never syang sumasali sa kahit anong singing contest sa school or pag may group presentation man sa classroom na kelangan kumanta, katulad sya ng ibang lalaking hindi kumakanta ng ayos. Kaya ayun tuloy, hindi ko alam na may maganda pala syang boses. Sobrang natuwa ako nung kumanta kami sa videoke room, kinanta nya yung In my head ni Jason derulo pero sa tingin ko, mas prefer ko na yung version nya kesa sa version ni Jason Derulo... sobrang nastuck nga sa isipan ko yung boses nya at pagkanta nya kaya simula nun tinawag ko na syang LSS. Tapos nung pumunta or let's say sinundan ko sya sa bahay nya at kumulog ng malakas at since matatakutin ako sa mga ganung bagay eh kinantahan nya ako... hindi ko makakalimutan yun kasi nung kumanta sya nun, nawala yung takot ko... yun bang parang wala na akong ibang narinig kundi yung boses nya..."

Bakit mo sinasabi ang lahat ng ito? Bakit? Gusto kong itanong pero nangako akong hindi magsasalita.

"**Number 3, that guy is patient.** Sasabihin nyang mainipin syang tao pero ang totoo nyan kahit mainipin sya nagawa nya akong maintay noon, hindi lang isang beses kundi dalwa pa. Nung una nung nanuod kami ng sine, nalate ako nun pero nagawa nya akong maintay kahit asar sya sakin. Tapos yung sumunod nung dun sa park, nalate din ako ng sobrang tagal pero hindi nya ako iniwan, nagintay lang sya dun. Mainipin syang tao pero nagawa nya akong intayin at sa tuwing maaalala ko iyon, napapangiti ako."

"**Number 4, that guy is a gentleman.** Nung first day namin together sa mall, may binili akong wallet na sobrang gusto ko kaso dahil nga sa burara at malilimuting tao ako, nakalimutan ko yung wallet ko sa greenwich pero ang nakakatuwa kasi kahit gabing gabi na, binalikan nya para sakin iyon. Tapos nung nagda-dance revo din ako dati, may mga namboboso sakin pero pinagtanggol nya ako sa mga namboboso kahit nasaktan pa sya sa mga suntok. Ganun din sa

manyak sa park, pinagtanggol nya din ako. Lagi nya akong pinagtatanggol, he's not just my lss but he's also my superhero."

"Number 5, that guy is scared of haunted houses. Tanda ko nung pumasok kami dun, hinawakan nya kamay ko at sinabing '*wag kang matakot, andito lang ko',* sa loob loob ko ako'y natatawang kinikilig. Kasi alam ko namang takot na takot na sya nun, kitang kita sa facial expression nya pero kinilig ako sa sinabi nya... sa sinabi nyang andito lang sya... andito lang sya sa tabi ko dapat hindi ako m-matakot...." biglang narinig kong nag-crack yung voice nya sign that she's about to cry or maybe she's already crying? I don't really know, I don't have any idea. I can't even speak to ask her.

"**Number 6, that guy is a liar.** Nagpromise sya sakin na sabay namin ise-celebrate ang christmas pero nagsinungaling sya, sinabi nyang susunduin nya ang parents nya sa airport when truth is nakipagkita sya sa isang babae, sa ex nya daw. Aaminin ko, I hated him for that. Ansakit kasi na bukod sa hindi na nya tinupad ang pangako nya, nagsinungaling pa sya sakin. Pero tapos na iyon eh, nagsorry naman sya sakin ng sobrang sincere na hindi ko sya natiis at pinatawad. In the end, sabay pa rin naming cinelebrate ang christmas eve... and I had my sweet kiss."

"**Number 7, that guy is sincere.** After that kiss, we had something "real"... it felt like hindi ko na sya boyfriend dahil lang sa binlackmail ko sya, he acted like he was actually "my boyfriend" because he wants to be my boyfriend. His gestures and all was so sincere that day by day, it felt hard to accept the fact that sooner or later my fantasy has to end."

Has to end? Ang alin? Ano ang dapat matapos? Patagal nang patagal na nagsasalita sya, mas lalong lumalakas ang tibok ng puso ko at pasama ng pasama ang nararamdaman ko.

"**Number 8, that guy is easily embarrassed.**" tumawa muna sya, "I don't know, ito na ata ang pinakakatawa sa listahan ko. Paano kasi yung guy na yun ayaw man lang akong tawaging 'bebi' dahil sobrang nahihiya sya pero once na tinawag nya akong 'bebi' sobrang napapangiti ako kasi alam ko tinawag nya akong ganun kasi importante yung sasabihin nya sakin at special yung moment na iyon."

"Number 9, that guy is thoughtful. Ugh.." napatigil sya sa pagsasalita tapos narinig kong suminghot sya.

"Umiiyak ka ba?" hindi ko na napigilan at nakapagsalita na ako.

"Shh. Please d-dont talk." ngayon, mas clear na sa voice nya na umiiyak sya kasi nagiging hoarse na ang boses nya at pautal utal na sya, tapos maririnig mo pa yung heavy breathing nya dahil sa pag-iyak, "He's thoughtful because he gave me the best christmas gift ever... *his love.*"

Gusto kong magsalita, gusto kong magtanong. Please... hayaan mo akong magsalita. :(

"Number 10, that guy... he said he loves me." pagkasabi nya nun sumunod ang malakas na hagulhol, "That time I kissed you in the park, sobrang nadala ko ng emotion ko at nahalikan kita at dahil sa naghalong excitement, love and fear... hindi kinaya ng puso ko ang rush of emotions kaya tumakbo ako palayo dahil nararamdaman ko ang pagkirot ng puso ko, I was having a heart attack. Nadala ako sa hospital after that, the doctor told me how my situation's worsening. Sabi nila sakin I need an immediate operation daw but the operation won't assure me life dahil 50% ang chance of success. Sobrang natakot ako kasi if I would take that operation, I don't know if I'll survive or not kaya around 2am that day... I called you. **And everything I said was true except the word "joke"."**

"One thing about me? I'm having my operation today, if I survive... please be my boyfriend."

xxx-xxx-xxx

To be continued...

A/N: ipopost ko na sana yung whole epilogue pero may kinailangan akong i-edit sa last part kaya pinutol ko na muna. If possible, ipopost ko na talaga yung ultimate part ng that girl 2 :)

Epilogue part 2

FINALE.

"One thing about me? I'm having my operation today, if I survive... please by my boyfriend."

"H-hey---" magsasalita pa lang ako ng marinig ko na lang na naputol ang linya.

Heart attack? Operation?

flashback

"Ooh. Exciting!" parang bata nyang sinabi habang tinitignan ang paligid.

"Don't tell me hindi ka nakakasakay or nakakapunta sa theme parks?"

"Uh... honestly, hindi pa eh."

"What?! Bakit naman?"

"Eh... ***I've spent my childhood days kasi sa isang lugar eh tapos nung makaalis na ako sa lugar na yun, hindi rin ako pinapayagan nina mama na pumunta sa mga ganto.****"*

"Ha? Bakit?"

*"****For some reasons daw."***

"Uhh.. okay. Pero paano ka nakapunta dito? Pinayagan ka ba nila?"

"Sus! Malaki na ako! Kelangan ko pa bang magpaalam?"

end of flashback

For some reasons? Yun ba ay dahil sa sakit nya?

She spent her childhood days sa isang lugar? ... Sa hospital?

Ibig bang sabihin nun she's been sick in her entire life?

Wala man lang akong kamalay malay na ang kaklase ko for 4yrs ay may isang life threatening disease...

Nakakalungkot isipin that in those 4corners of our classroom, no one knows that a girl like her who's always full of energy is actually very sick.

I always had my separate world among the class, I always go with the boys and seldom speak with the girls. I did have the chances to talk to her but I never bothered to know her --- I only knew her name and saw her smiles a lot of times but did not really understand any of it.

Bakit ngayon ko lang sya nakilala ng lubusan? Bakit ngayon pa kung kelan feeling ko mawawala na sya ng tuluyan sa paningin ko? Bastos na tadhana!

"The number you have dialled is not in service please try your call later."

"Oh shxt oh shxt!" naiinis akong bumalik sa table kasi patay na yung phone nya, hindi ko na makontak.

"Oh dude, bakit parang bad mood ka?" pagsalubong sakin ni Steve pagkabalik ko.

"Pre, favor. Pasabi kay maam, masakit ang tyan ko, aabsent na ako."

"E---" hindi ko na hinintay ang sagot nya at umalis na ako. Dala ko naman ang wallet at phone ko kaya okay lang na iwan ko sa classroom ang bag ko.

Hindi nya sinabi sakin kung saang hospital pero hindi sapat yon para hindi ko na sya hanapin. Inisa-isa ko ang mga hospital sa buong bayan at hinanap ang pangalan nya kung andun ba sya sa hospital.

Sa ika-anim na hospital na napuntahan ko, dun ko sya natagpuan.

"Ah, she'll be having her operation today. Kaano-ano po sila?" tanong sakin nung nurse.

"Boyfriend nya ako. Anong oras nung operation? Nakapagsimula na ba?"

May chineck na paper yung nurse, "Ah hindi pa pero malapit na, siguro palabas na yun sa room nya papuntang operating room pero kung magmamadali ka baka maabutan mo pa sya na palabas sa room nya."

"Anong room number?"

"146."

"Salamat." tinakbo ko na ang papunta sa room nya.

Malapit na ako ng makita kong lumabas sya bigla sa pinto na nakaupo sa isang wheelchair at nakasuot ng hospital gown.

"Bebi!" napalingon sya sa akin ng tawagin ko sya.

"Iss..." napatakip sya ng bibig sa pagkabigla sa pagkakita sakin sa hospital na ito.

Nilapitan ko agad sya at lumuhod para matapatan ko ang mga mata nya, "Bakit hindi mo agad sinabi sakin?"

"Bakit ka pumunta?" tinakpan nya ang mukha nya habang nagsisimulang tumulo ang mga luha nya.

"Wag kang unfair. kung saan ka pupunta dapat kasama mo ako."

"It's time for operation. We need to go." pangaabala ng nurse na nakaalalay sa kanya.

"I have to go." malungkot nyang sabi.

"No." hinawakan ko ang kamay nya.

"But I have to go.."

"Do me a favor..."

"Huh?"

"Kanina sa phone, you asked me a favor to not speak at ginawa ko iyon as promised. So ako naman hihingi sayo ng favor."

"Anong favor?"

"Promise me first that you'll do this favor."

"Anong favor ba?"

"Promise me katulad ng pagpromise ko sayo."

Nagbuntong hininga sya, "I promise to do that favor of yours."

"Ang favor ko," ngumiti ako, *"I'll let you go but please **come back**."*

Binitawan ko yung kamay nya, napakagat sya ng labi at pinikit saglit ang mga mata at minulat muli ito, "Promises **aren't** meant to be broken, right?"

"Right. Makikipagbreak ako sayo pag hindi ka tumupad sa promise." pagkasabi ko nun, hinalikan ko sya sa labi, *"Go."*

xxx-xxx-xxx-xxx-xxx

Ang sabi nila minimum of 4hrs daw ang operation. I waited sa sala sa labas ng operating room. Para akong tangang nagiintay doon, tatayo uupo, maglalakad ng pabalik balik, uupo ulit tatayo at maglalakad ng pabalik balik.... Sobrang hindi ako mapakali.

"Hijo, relax ka lang. Mas tensed ka pa kesa samin." her father smiled bitterly at me.

Oo, I'm waiting with that girl's parents. Nagpakilala ako bilang boyfriend nya.

"Umupo ka sa tabi ko," sinunod ko sinabi ng tatay nya at umupo nga ako sa tabi nito.

"Natutuwa ako kasi nakahanap ang anak ko ng taong magmamahal sa kanya. Alam mo ba matagal na dapat nyang ginawa itong operation na ito? Mga 1month ago pa dapat."

"Po? Eh bakit ho ngayon lang?"

"Natatakot kasi sya, alam nya kasing 50% chance lang ang pedeng ika-survive nya. Masyadong pesimista ang anak ko kaya hindi sya pumayag maoperahan agad. Sinabi nya pa sakin noon...

'*dad, tanda mo pa ba yung kinukwento ko sayong crush na crush ko sa classroom?'*

'oh, yung bang lagi mong pinipiktyuran at iniistalk?'

'dad naman eh hindi naman pangiistalk yun eh, palihim na pagtanaw lang iyon!'

'ganun na rin yun hija! ahahaha. eh ano ba meron sa kanya na ikekwento mo?'

'eh alam nyo po kasi may iniwang course requirement yung teacher namin... partner requirement sya, kapartner namin yung seatmate namin at alam mo po ba... partner ko sya.'

'oh edi magandang balita iyan?'

'opo! makakasama ko sya ngayong christmas break... dad, pede ipostpone muna natin ang operation? tatapusin ko muna yung requirement ko kasama sya... gusto ko kasi bago man lang mangyari yung operation, magkaroon man lang ako ng magandang memorya sa taong gusto ko...'

'kung iyan ang hiling mo... wala na akong magagawa.'

"At ayun nga ang sabi nya, sabi nya tatapusin nya daw ang 10things&1thing requirement nyo... Sa tuwing umuuwi sya sa bahay ng mga panahong iyon, andami dami nyang kwento samin. Ang saya saya nya palagi... lagi ka nyang bukambibig, hindi na nawala wala sa mukha nya ang kanyang mga ngiti... ni hindi na nga namin sya nakasama nung pasko at bagong taon pero masaya rin kami kasi kahit papano, nakita namin sa mga mukha nya ang kasiyahang kahit kelan hindi namin nakita... hijo," tinap nya ang balikat ko at ngumiti, "salamat sa pagpapasaya sa anak ko. *Mahal na mahal ka nya alam mo ba*?"

xxx-xxx-xxx-xxx-xxx

Minsan sa buhay, nasa harap muna yung taong para sayo kaso kung saan saan ka pa tumitingin... Minsan hinahabol ka na ng taong para sayo, tinatakbuhan mo pa....

Minsan pinagsisigawan nya na ang nararamdaman nya sayo, obvious na obvious na, kaso nagbibingi-bingihan ka...

Masakit yung andyan pa sya, hindi mo pinapansin at kung kelan wala na sya... saka mo hahanapin.

Tanga ang tao.

Isang malaking tanga.

Pero tanga man ang tao pede rin itong matutong wag maging tanga.

It's been 3days and up until now her eyes are still close, kelan nya kaya imumulat ang mga mata nya? Gigising pa ba sya? Would there still be a chance for her to see my list? Sana, sana.

"What are you doing?" nagtatakang tanong nung nurse pagkakita sa ginagawa ko.

"I want her to see it when she wakes up. It's not illegal, right?"

"Of course not, it's actually sweet." nakangiting sabi nung nurse nung makita yung kabuuan ng ginagawa ko.

Kahit ako napangiti lalo na ng maalala ko kung paano ko nabuo ang lahat ng 'to...

Mula sa mga punit punit na papel, isinulat ko lahat ng sampung bagay tungkol sa kanya at naka-form ang pieces nito sa isang malaking heart sa may dingding sa tapat ng kama nya. Once na imulat nya ang mga mata nya, makikita nya ang lahat ng nakasulat sa malaking puso sa harapan nya. Natapos ang operation, sabi nila successful daw pero hanggang ngayon hindi nya pa rin minumulat ang mga mata nya. Nagkaroon ng konting problem, she's still fighting for her life... Kung gigising sya before this week ends, ligtas na sya pero kung hindi sya gigising... ayokong isiping hindi na sya gigising.

(Now playing: You and me by lifehouse)

Lumapit ako sa tabi nya sa kanyang higaan, hinaplos haplos ko ang mukha nya at ang buhok nya. Kinantahan ko sya habang ginagawa iyon,

"What day is it

And in what month?

This clock never seemed so alive
I can't keep up, and I can't back down
I've been losing so much time..."

"Yung current seatmate nyo ngayon ha. Pede nyong gawin in 10 days or 11 days or kahit 1 day, bahala kayo basta kelangan i-fill up nyo yan. I want you guys to enjoy your holiday with one of your classmates. Ok, class dismiss. Have a nice holiday to everyone!"

"Nice! Seatmates tayo, kung ganun, see ya this vacation!"

"'Cause it's you and me

And all of the people with nothing to do
Nothing to lose
And it's you and me
And all the other people
And I don't know why
I can't keep my eyes off of you "

"No pare! Hindi talaga pedeng mangyari 'to!"

"Dude, stop whining like a girl. Ayan na yan eh, nangyari na wala ka ng magagawa. Just accept the fact that your freakin' stalker is your partner!"

"Dude, yun na nga eh! I can't accept it! I need to be with that girl this vacation?! I can't take that! What if manyakin nya ako or worse, rape-in nya ako?! Oh no, I'd rather save my virginity kesa marape ng isang freakin' stalker!"

"Hoy! Ang OA mo ah, magtigil ka nga dyan. Pede namang gawing isang araw lang yung requirement ah? Sabi naman ng teacher natin tayo na daw bahala kung paano natin gagawin yang requirement na yan eh, edi gawin mo magmeet kayo ng isang araw lang ngayong vacation tapos maglista ka na kaagad ng sampung bagay about sa kanya then *boom* tapos na! O diba? Liit liit ng problema mo, pinapalaki mo."

"Why are the things that I want to say
Just aren't coming out right?
I'm tripping on words
You got my head spinning
I don't know where to go from here

'Cause it's you and me
And all of the people people with nothing to do
Nothing to prove
And it's you and me
And all other people
And I don't know why
I can't keep my eyes off of you "

"Hey! Wait!"

"What now?!" ang kulit nya talaga ah!! >:(

"What about the requirement?"

"What requirement?!"

"Duh? You make 10 list about me, I make 10 list about you. We both write one thing about ourselves." ::)

"Ah yeah. That. Don't worry, I already have something to write on number 1."

"Really?!" excited nyang tanong.

"Yeah."

"What is it?"

"Secret. You'll know sa pasukan pag kelangan na natin i-present ang requirement natin."

"Aiy ang tagal. Oh well, I'll wait."

"Something about you now

That I can't quite figure out
Everything she does is beautiful
Everything she does is right

'Cause it's you and me
And all of the people with nothing to do
Nothing to lose
And it's you and me and all of the people
And I don't know why
I can't keep my eyes off of you and me
And all the other people with nothing to do
Nothing to prove
And it's you and me and all the other people
And I don't know why
I can't keep my eyes off of you "

"Ansakit... kahit napilitan ka lang, nangako ka pa rin sakin. Pinangako mo sakin na sabay nating icecelebrate ang pasko kaya nga diba christmas boyfriend kita? Kahit napalitan ka lang, kahit binablackmail lang kita... nangako ka pa rin. Yung pangangako mo, hindi ko pinilit yun. Ikaw mismo ang nagbigkas ng salitang 'pangako'. Pero bakit hindi mo tinupad? Bakit ka nagsinungaling? Bakit mo ako niloko? Pasensya na kung masyadong mabigat yung hiling ko sayong maging boyfriend ko ngayong pasko. Pasensya na talaga... sinira ko ata ang pasko mo. Kung wala siguro ako ngayon, ibang tao ang kasama mo... siguro yung babae kanina ang dapat nasa harap mo ngayon at kausap mo. Hindi siguro dapat ako. Pasensya na ah kung dumating ako sa buhay mo, nagulo ko tuloy ang masaya mo sanang pasko..."

"What day is it
And in what month?
This clock never seemed so alive..."

"Mahal kita, mahal na mahal. Yung promise mo... may favor pa akong hiniling sayo. Diba sabi mo promises aren't made to be broken?" this might sound gay pero hindi ko na napigilan ang sarili ko, tumulo na ang luha ko, tumulo ito sa pisngi nya, "Gusto mo bang magbreak tayo?"

"Lss..." nabigla ako ng magsalita sya at dahan dahan nyang minulat ang mga mata nya, "Bakit ang ingay mo? Tulo laway ka pa..."

Natatawang naiiyak ako sa kanya nung sabihin nya yun, "Baliw, hindi laway yun... luha yun."

"Bakit ka umiiyak?" medyo mahina pa yung boses nya at matamlay pero nagawa nya pa ring ngumiti, "Ampanget mo pag naiyak." :")

"Mas panget ka," pinupunasan ko luha ko habang nangingiti ako sa sobrang saya ko. "Buti minulat mo uli mga mata mo."

"Promise ko diba? Favor mo kasing bumalik ako... ayan bumalik ako. Natakot akong i-break mo eh. Gusto ko boyfriend pa rin kita..."

"Gusto mo asawa na kita?"

"Wag, mag-aral muna tayo. Maaga pa para dun."

"Tama... mag-aral muna tayo tapos maghahanap ako ng magandang trabaho at pakakasalan kita..."

Ngumiti lang sya tapos nabaling yung tingin nya sa harapan, sa may dingding kung saan nakadikit yung mga papel na nakahugis puso, "Bakit may malaking puso dyan?"

"Yang pusong yan? Puso ko yan, nakikita mo yung mga nakasulat dyan? Ayan ang sampung bagay na tungkol sayo."

"Yung requirement?"

"Yup. 10things about that girl sitting next to me..." nginitian ko sya,

"Number 1: That girl is irritating and annoying."

"Oy, dalwa na yun."

"Isa lang yun ano ka ba. Synonymous rin naman."

"Psh. Bakit naman ako irritating at annoying?" nagpout sya at natawa naman ako.

"D'you remember tinawagan mo ako, 100+ nga yung missed calls ko... yun pala para tawagan mo ako kung ano ang nauna kung manok ba o itlog... sobrang nairita ako nun. Ang kulit kulit mo kasi eh."

"Eh sa tingin mo ba, anong nauna sa itlog at manok?"

Natawa ako, "Ewan ko talaga kung anong nauna... pero alam mo kung ano nauuna sa puso ko?"

"Ano?"

"Ikaw..." kinurot ko ang pisngi nya, "Kahit nakakaasar ka, nasanay na rin ako at pag walang makulit at nakakainis sa tabi ko na tulad mo... nalulungkot ako at hinanap ko ang presensya mo. Natutunan kong mahalin yung kinaiinisan ko, akalain mo iyon?" :)

"Number 2: That girl is tone deaf."

"Uwaaa. Bakit naman?" T^T

"Tanda mo nung kumanta tayo sa may karaoke? Haha. Galing mong mag-rap eh, nabasag eardrums ko."

"Napaka mo!" hinampas nya ako sa balikat ko pero mahina lang.

"Pero kahit ganyan ang boses mo, kahit mabasag ang eardrums ko ng paulit ulit... hinding hindi ako magsasawang pakinggan ang boses mo. Kahit anong kantahin mo kahit sintunado, favorite ko na. Walang halong bola."

"Number 3: That girl has a memory of 150yr old person."

"Ang oa naman nyan." =_=

"Hahaha! Pero totoo, napakamalilimutin mo. Lagi mo na lang nakakalimutan ang mga 'date' natin. Pati nga yung wallet na binili mo dati nakalimutan mo pa sa greenwich. Pero please lang, itatak mo sa isipan mo at wag na wag mong kakalimutan na MAHAL NA MAHAL kita. Pag iyan kinalimutan mo..."

"Ano? Papatayin mo ako? Bubugbugin mo ako?" nagbibiro nyang sabi.

"Hahaha! Brutal ka. Pero hindi... *iiyak ako.*" :)

"Number 4: That girl burps like a fat guy."

"Wehhhhh. Bakit naman ganun! Ang bad bad naman ng mga nilalagay mo sakin." T___T

"Pero okay lang yun, natutuwa nga ako sayo kasi sa lahat ng panahon na nakasama ka... nagpakatotoo ka sa sarili mo. Nakilala ko yung tunay mong sarili na walang halong pagpapakyut o kung anuman. I fell inlove with your real self kahit gaano ka man nakakadiring nilalang."

"So nakakadiring nilalang?" =_=

"Hahahaha! Mahal naman kita hayaan mo na." XD

"Baliw."

"Ka."

"Lalo ka na."

"Mas ka." nagkukulitan pa kami. Hayy, ang sarap mainlove.

"Number 5: That girl is such a crybaby."

"Hindi naman." T_T

"Tamo, paiyak na yan! Ahahaha!" pangaasar ko sa kanya, "Nung kumidlat at kumulog kasi, napaka iyakin mo. Sobrang iyak na iyak ka na parang bata pero don't worry, simula ngayon hindi ko man maipapangakong hindi kita mapapaiyak isa lang tandaan mo, ipapangako kong andito lang ako sa tabi mo para punasan ang mga luha mo at pangitiin ka."

"Number 6: That girl is a whiner."

"Ano nanaman ginawa ko? Bakit naging reklamadora ako?" T_T

"Tanda mo nung nangarolling tayo? Napakadami mong reklamo,kesyo malamok, kesyo malamig at kung anu ano pa. Pero di bale, kung anuman hilingin ng prinsesa ko... handa akong ibigay iyon. I'll spoil you."

"Achuchu. Totoo ba yan?"

"Oo naman."

"Sige nga, kiss mo ako." pagkasabi nya nun, nilapitan ko kaagad sya at hinalkan.

"O naniniwala ka na ba?" :)

"Number 7: That girl is so childish."

"Hindi ako childish." nagpout sya bigla.

"See? Nag-pout ka! Yang mga gestures mo, yang habits mo, pambata! Tapos nung nasa park ka pa, para kang bata para kang 5yrs old!"

"I hetchu. Hindi ako childish."

"Hayaan mo na, ikaw naman ang bebi ko diba?" :)

"Number 8: That girl is a deceiver."

"Lahat na lang ng nasa list mo puro bad."

"Haha. Pero totoo naman ah, niloko mo ako binlackmail mo ako."

"Medyo lang, totoo naman talaga sinabi kong may sakit ako. Saka ikaw nga ang manloloko dyan eh, sinabi mo susunduin mo parents mo pero nakipagkita ka lang sa ex mo." >__<

"Sssh. Diba sabi natin kakalimutan na natin yung pangyayaring yun? Sige na nga, sorry na ulit. Hindi hindi na kita lolokohin, promise. Pag niloko kita, bugbugin mo ako hanggang sa gumaan ang loob mo." :)

"Number 9: That girl is so gullible."

"Kasasabi ko lang na kalimutan na natin yung nangyari nung pasko pero connected itong number 9 dun eh... oo nga, manloloko nga ako tama ka nga. Andali mo naman kasing naniwala sakin nung sinabi kong pupuntahan ko yung parents ko sa airport... nakakainis ka, mas lalo tuloy akong nakonsensya sa madali mong paniniwala."

"Hindi naman ako naniwala eh lss, narinig ko naman kayo dati ng ex mo na naguusap sa tapat ng home material shop eh. Pero gullible nga siguro talaga ako... kahit hindi ako naniwala para na rin akong naniwala, kasi nagantay ako dati sa may tapat ng fountain sa usapan natin kahit alam kong hindi ka naman sisipot. Umasa kasi ako dati na pipiliin mo ako kesa dun sa ex mo, para nga akong baliw eh umaasa ako kahit alam kong wala ng pag-asa."

"Pasensya na talaga bebi... Wag kang mag-alala, kahit gaano ka man ka-gullible, libreng libre kang maniwala sakin kasi pinapangako ko sayo hinding hindi na kita lolokohin."

"Number 10: That girl is afraid of explosions."

"Ewan ko pa ba kung takot ako sa explosions kasi operated na ako... may bago na akong puso."

"Gusto mo subukan kung takot ka pa?"

"Ha? Paano?"

Kinuha ko ang kamay nya at itinapat ito sa kaliwang dibdib ko sa may puso ko, "Naririnig mo ba yan? Ang lakas lakas ng tibok nyan sa tuwing makikita ka, daig pa nito ang sasabog pag nakikita kang ngumingiti. Ngayon, takot ka pa ba sa pagsabog?"

"Hindi na," she giggles, "Natatakot naman ako sa pagiging makata at korni mo."

Piningot ko ilong nya, "Ikaaaw talaga."

"Ahihi. Ano pala yung 1 thing about you?"

Ngumiti ako at tinuro ko yung paper heart sa dingding, "Nakikita mo ba yung nasa gitnang papel? Nakasulat dun yung isang bagay tungkol sakin. Basahin mo."

Sinunod nya sinabi ko and she reads it aloud,

"One thing about me? I love **that girl**."

The End.